HELLO, GARCI?

Transcript of Three-Hour Tape

TAPE I

Conversation between two unidentified male (one believed to be V. Garcillano) on 17 17:28 hotel May 2004

Garcillano: Hello.

Man: Hello sir, good afternoon. Kamusta na ho sir? Kamusta na ho lagay natin?

Garcillano: Mabuti naman. Paki-tape mo nga ngayon para makasiguro tayo kasi ayaw ko yung baka mamaya tayo pa ang malanti eh.

Man: Oho, oho. Sir, pina-ulit lang ho ni Gov. Dy yung hinihinging tulong sa inyo.

Garcillano: Na ipalilipat dito?

Man: Hindi, nakaano na ho dyan, naka-en banc ho yata dyan, eh suportahan nyo na lang daw kayong dalawa nung bagong kasama nyo.

Garcillano: Oo, tatanungin ko ngayon kay Chairman.

Man: Oo, sir. Meron namang follow up kay Chariman yan eh.

Garcillano: Oo.

Man: Ok, ba-bye. Pinasasabi lang ni Gov. Hello sir, kelan kayo maluwag?

Garcillano: Ay, ewan ko lang...pero...

Man: Miyerkules ng gabi. Maluwag ho kayo?

Garcillano: Hindi kami makaka-alis...

Man: Kahit na gabi?

Garcillano: Dito nga kami nakatira eh.

Man: Ah ganun ba...o, sige sir, naka-monitor ho ako...

Garcillano: O sige.

Conversation between two unidentified male (one believed to be V. Garcillano) on or about 24 16:00 hotel May '04

Man: Hello.

Garcillano: Hello, si Commissioner.

Man: Yes?

Garcillano: ...ito ha.

Man: Oo, sir.

Garcillano: (garbled) nassan na? nasaan na? (garbled)

Man: Ah nagising kami kanina, one of the...(garbled)...modified.

Garcillano: Ano, ano?

Man: (garbled)

Garcillano: Paspasan mo na ang senatorial candidates, tsaka president, vice president.

Man: Oo, oo.

Garcillano: Ganito, ganito. Isagad mo kay Sen. Barbers ha. Tapos wag mong ipahabol si Biazon. Kasi kwan, basta may regalo para sa yo.

Man: Ok sir.

Garcillano: Ok, sige.

Conversation between a certain Chairman (V. Garcillano) and unidentified male (believed to be Sen. Robert Barbers) on or about 24 17:37 hotel May '04

Barbers: Hello pare, si Chairman ba ito?

Garcillano: Oo, oo.

Barbers: Apat na probinsya na lang yung mga di pa pumapasok, eh baka malintikan na tayo.

Garcillano: Bakit ilan na ang panalo nila?

Barbers: 675,000 na eh, 175,000 ang boto natin.

Garcillano: 175,000 ang boto natin?

Barbers: Oo eh kung madagdagan man lang sana ng mga 200, 300.

Conversation between two unidentified male (one believed to be V. Garcillano) on or about 24 18:30 hotel May '04

Man: Hello sir.

Garcillano: Hello Dang, ilan ang bumoto dyan?

Man: About 60 percent, sir eh. 60 percent lang.

Garcillano: 60 percent so mga seventy thousand?

Man: More than that, sir.

Garcillano: Sige, (mag-additional) forty-plus ha.

Man: Ok sir, we'll try to find out...

Conversation between two unidentified male on or about 25 06:17 hotel May 2004

Man 1: Hello (garbled).

Man 2: Good morning sir.

Man 1: O kamusta na dyan....

Man 2: ... Ok naman sir, sige lang, yung panata namin sir at tsaka kung anong sabihin dyan sa Manila.

Man 1: Oo, sige lang (garbled)

Man 2: O, sige sir, thank you.

Conversation between two unidentified male (one believed to be V. Garcillano) on 25 09:03 hotel May 2004

Garcillano: Hello.

Man: Hello sir, umpisahan ko na yung canvassing sir ha, wala pa rito yung mga abugado.

Garcillano: Sige lang, na-notifyan sila?

Man: Notify na sila sir eh.

Garcillano: Ah, kung na-notify sila, start. Tapusin mo na.

Man: Yan ang gagawin ko ngayon sir, eh.

Garcillano: May mga nongovernment organization dyan na nagsasabing kung di raw kita papalitan o-object-kan nila ang aking confirmation?

Man: Ah ganun ba, hindi ko alam kung sino yun eh.

Garcillano: Hayaan mo sila, patuloy mo. Tapusin mo na.

Man: Yun na nga sir, eh.

Garcillano: O sige.

Conversation between two unidentified male (believed to be V. Garcillano) and female on 25 10:50 hotel May 2004

Woman: Hello?

Garcillano: O kamusta na ang kwan, canvass.

Woman: Sir, eto, ongoing ho, papunta na ko doon ngayon e. Gusto ko na unahin yung...sinabihan ko na pero puntahan ko pa rin siya ngayon.

Garcillano: Puntahan mo na. Kung maari matapos ngayon para ipatakbo sa, kung hindi makahabol ng flight dyan ipahabol sa kwan, Cotabato o Davao.

Woman: Wala ba kayong number ni Atty. Bedol, sir?

Garcillano: Meron pero di sumasagot. Basta nagka-canvass yun, di na yun sasagot eh.

Woman: O, sige ho.

Garcillano: Paki-kwan lang ha. Kasi kung maari, matatapos siguro yan ngayon kung hindi sila makikialam dyan sa senatorial. Tutal wala na eh. Walang senatorial except the last one. Yan lang ang kailangan namin para madetermine namin yung number twelve.

Woman: Oho.

Garcillano: Ok hintayin namin ha? Pakitawagan nga ako kung anong...

Woman: Papunta na nga ho ako eh. Paano na ako.

Garcillano: Thank you.

Conversation between two unidentified male (one believed to be V. Garcillano) on 25 11:45 hotel May 2004

Garcillano: Hello.

Man: Hello sir, tumawag po si Senator Barbers, nagtatanong ng development.

Garcillano: O, sige lang. Actually, makukuha natin.

Man: Opo, o sige po. Asan kayo sir?

Garcillano: Nandito ako sa PICC.

Man: Ay marami ho kasi akong administrative ... na ginagawa po eh kaya di ako makapunta dyan.

Garcillano: O, sabihin mo kung lalabas lahat yung otsenta, more or less, at makakuha siya ng sitenta o sitenta'y singko, hindi naman natin si-zero-hin yung isa eh.

Man: Opo, opo. Bahala na kayo sir ha.

Garcillano: Oo, oo.

Man: O sige sir, salamat.

Conversation (between V. Garcillano and unidentified female)

Woman: Hello, sir?

Garcillano: Hello, ano nang nangyari?

Woman: Nagtatalo sila sir. Sabi ko kahit na mamayang gabi, magfirst flight sila bukas ng umaga. Sabi naman, oo nakausap din ni Mely Nakpil kanina si Atty. Bedol. Nung nandun kami ipinagamit ko ang cellphone ko.

Garcillano: Ah ganito. Nandito kami ngayon, that is the only canvass that we are waiting. Pero sinabi ko I hope you can take the flight in Davao. Pero di nyo mahabol no? Pero nagta-tabulate na?

Woman: Oho, nagta-tabulate sila, kaya lang sabi ko ho, bukas ng umaga, first flight sila. Hindi nila mahabol ngayon yung last flight sir eh.

Garcillano: Ah hindi na?

Woman: Hindi na. Matagal pa man ang byahe.

Garcillano: Ay sige, sige ...thank you, thank you.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and an unidentified male on 25 14:49 hotel May 2004

Garcillano: Hello, nasaan ka?

Man: Dito sa office.

Garcillano: Alam mo meron na naman nakakita sa kin nandun si Cirio kagabi. May nakakita na naman daw na ako at si Cirio nag-uusap kagabi. Putrigis na yan.

Man: ...naman talaga. Pakuha mo kay Eddie. May durian ako doon. Pakuha mo kay Eddie.

Garcillano: Saan, saan?

Man: Sa bahay.

Garcillano: Titingnan ko lang, anak ng jueteng yan.

Man: Hindi dapat, hindi na nag-ano kasi medyo...(line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and an unidentified male (believed to be Sen. Robert Barbers) on 25 15:19 hotel May 2004

Garcillano: Hello.

Barbers: Pare, papasok na daw yung ibang provincial, isa na lang natitira, Cotabato na lang.

Garcillano: Meron pang Lanao Sur.

Barbers: Ah, meron pang Lanao Sur.

Garcillano: Pero hindi yung... Maybe may pitong munisipyo...

Barbers: Pero abot pa?

Garcillano: Kung makuha natin yung maximum sa Cotabato at madagdagan sa Lanao Sur, tama yung sinasabi mo.

Barbers: Ok.

Garcillano: Sige, ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and an unidentified male on 25 15:59 hotel May 2004

Man: Andito si Inday. Yung sa Kilirayan ba, sa Gen San. Yung kaso daw pala nila for annulment e napatapat sa first division.

Garcillano: Kilirayan?

Man: Napatapat daw sa first division. Eh unang-una nagtatanong kung magkano raw ang dapat i-budget kung aabot sa protesta.

Garcillano: Protest?

Man: Oo, kasi primero annulment muna. Tapos magproprotesta sila, yung sa division.

Garcillano: Dapat kwentahin nila kung ilan ang ballot boxes na i-protesta nila because that's 500 per ballot ... (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and an unidentified male on 25 19:27 hotel May 2004

Man: Sir, Atty. Maluwag ba kayo?

Garcillano: Andito ako sa PICC pa.

Man: San kayo luluwag?

Garcillano: Siguro mga tatlo, apat na araw.

Man: Sana ipasundo ko kayo para mai-mail ho.

Garcillano: Hindi, hindi ngayon. Mga tatlong araw siguro, pwede na.

Man: Sir, ni -relay ni Gov. alagaan mo lang yung sa kanya.

Garcillano: Tinatamaan nga ako dyan eh. Ako nga ang tinatamaan kasi ako ang nagpirma dyan.

Man: Oo, CA naman ang putang-inang yan eh. Alam mo magkakagulo lang dun. Labanan na natin. Siguro wala naman silang makausap (line cut)

Conversation between Danny (believed to be Juanito "Johnny" Icaro) and Gary (V. Garcillano) on 25 19:52 May 2004

Garcillano: Hello.

Danny: Sir, good evening. Sir, Danny po ito. Sir, tapos na po ang Cotabato City?

Garcillano: Hinihintay ko yung i-fax ni Bedol.

Danny: Ano kaya, nagawan kaya ng paraan sir?

Garcillano: Oo. Ang akin, sabi ko, kwarenta mahigit ang kailangan para um-over siya. As of this afternoon, 39.

Danny: Ang hinihintay lang po ay Cotabato City, ano po sir?

Garcillano: Oo, pero may konti pa sa Lanao Sur

Danny: Ah yung anim na municipalities. Panalo daw siya dun eh.

Garcillano: Mananalo siya talaga. Nandun si Louie, Macarambon eh. Pababantayan ko.

Danny: Opo, opo.

Garcillano: Kaya nga sabi kung makapanalo siya ng 20 to 25,000, mag-celebrate na tayo.

Danny: San po ba kayo, nasan kayo sir?

Garcillano: Nandito ako sa kwan, Westin Plaza.

Danny: Hayaan nyo, ipapahanda ko yung mga kwan sir, basta't nakwan eh aking ipapahanda yung para sa ating mga bata.

Garcillano: Bata. Nag-usap na kami. Sabihin mo lang tumawag lang siya sa akin.

Danny: Sige sir.

Garcillano: Kung malalaman ko ngayong gabi, ipa-celebrate ko na sya eh.

Danny: Tawagin ninyo, sir...

Garcillano: O sige lang, mag-uusap lang kami.

Danny: Opo, opo. Sige sir, salamat.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and an unidentified woman (believed to be Clarita Callar)

Garcillano: Hello.

Woman: Sir, ano ba naman to. Ba't inaaway ako ni Bedol? Di ba sabi ko sir, tino-total lang nila yung unang nacanvass? Pagpunta ko kanina?

Garcillano: Eh ikaw daw ang nagsabi eh.

Woman: Ang sabi nya ikaw daw ang tumawag kay Chairman.

Garcillano: Kay Chairman?

Woman: Oho, ganito ho. Kasi tumawag sa akin si Chairman. Ang sabi nya gusto niyang malaman kung ano daw talaga yung status ng canvassing nila kasi sabi ko hindi pa naman nila natatapos lahat. Tapos sabi ko kay Elisa, dahil yung kanyang member kasi hindi ko man sya nakakausap, ang sabi ko ano na ba ang status. Ang sabi ni Chairman, patawagin mo sa akin si Atty. Bedol. So Tinatawagan ko si Elisa, "O, tumawag ka daw kay Chairman. Patawagin mo daw ako..." (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Danny (believed to be Juanito "Johnny" Icaro) on 26 08:23 May 2004

Garcillano: Hello Danny.

Danny: Hello sir, good morning. Sir ano pong balita sa Cotabato City?

Garcillano: Ano, ano?

Danny: Ano pong balita sa Cotabato City?

Garcillano: Wala pa

Danny: Wala pa po? Sir, ano kaya, nagawan kaya ng paraan ni Bedol?

Garcillano: Kung talagang ano yan, sa akin basta ayos na kami. Yun lang kung hindi makakaya dun sa Calami. Pero wag nilang zero-hin kasi mahirap yung...

Danny: Opo, opo. Kasi tawag ng tawag sa akin si...Nahihiya yatang tumawag sa iyo. Tumawag na ba sa iyo?

Garcillano: Hindi pa ngayon.

Danny: Nahihiya po yata sa iyo.

Garcillano: Kahapon tumawag. Basta kung ano ....

Danny: Pupunta po kayo sa PICC?

Garcillano: Nandito na ako.

Danny: Sige, pupunta ako.

Garcillano: O sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Aries on 26 08:47 May 2004

Garcillano: Hello, Aries.

Aries: Yung mga sasakyan, nasaan yung mga sasakyan especially yung dalawang military?

Garcillano: Nandirito...(line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and an unidentified male (believed to be Sen. Robert Barbers) on 26 09:11 May 2004

Garcillano: Hello.

Barbers: Commissioner, good morning. Meron akong itatanong, meron bang order ang COMELEC sa Cotabato na dalhin na yung returns ngayong araw na ito?

Garcillano: Ina-ano ko. Ako ang nagbigay ng order, pero gusto ko sana ... (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and female (believed to be Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) 11:04 26 May 2004

GMA: Hello.

Garcillano: Hello, ma'am, good morning po.

GMA: Oo, oo. Si ano, si Biazon nagbabanta, kung madadaya daw siya papabuksan daw niya yung ano sa ... at sa Tawi-tawi, eh baka raw ako ang madale doon...

Garcillano: Baka nga ho ... (line cut)

Conversation between two female (one identified as Grace Garcillano) in Visayan dialect on 26 11:13 May 2004

(translated from the Visayan original)

Grace: 'Yan ang time na dapat niya i-renew ang appointment ni Gil?

Female: Sa 11?

Grace: Hindi. Bago niyan kasi ganito, mag-eexpire kasi iyan.

Female: Oo, alam ko.

Grace: Kapag hindi sila na-confirm before June 10

Female: Automatically bypassed sila.

Grace: That means, Ire-appoint sila. Pero hindi sila mare-reappoint until after June 10 kasi meron pang ban sa...

Female: Oo. Sa 11 ka pa naman aalis papuntang Cebu.

Grace: Oo, pero tatapusin ko muna ito. Kung marere-appoint ba sila. Pero, aalis muna tayo.

Female: Pero aalis muna tayo sa 11 ng hapon papuntang Cebu kasi sa 12 pa naman tayo pupunta sa Singapore. Pagdating natin sa Cebu, aalis na rin tayo papuntang Singapore. Three days pa kasi tayo sa barko.

Grace: Anong oras ba ang flight papuntang Singapore?

Female: Kwan, mga ala una o alas dos ng hapon.

Grace: So, ang flight ko nyan from Manila na?

Female: Oo, Manila na. Pero maghahanap ako ng paraan kung pwede sa Manila na.

Grace: Magkikita tayo sa Cebu?

Female: Oo, magkikita tayo sa Cebu. Kailangang magsabay talaga tayo. Pwede kang umuwi, di ba? O, sige, Manila na lang.

Grace: Siguro, mas mabuti kung ipapadala ko na lang ang passport ko diyan.

Female: O, sige, ipadala mo na lang. Kasi, alam mo Grace, wala na tayong chance. Alam mo na, may edad na.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and a female (believed to be Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) on 11:25 26 May 2004

Garcillano: Hello, ma'am.

GMA: Hello? Hello?

Garcillano: Hello ma'am.

GMA: Hello, hindi kaya pwedeng ma-delay yung ano, yung senatorial canvassing until after the voting on the rules tonight?

Garcillano: On the rules? Ah sige po...mag-usap kami ni Chairman.

GMA: ...sa Senate, para walang away. Between two allies ito, siyempre magagalit ito, yung isa magagalit din for sure. (line cut)

Conversation...

Garcillano: Hello Lisa, si Commissioner 'to.

Lisa: Hi sir.

Garcillano: Kumusta na kayo?

Lisa: Waiting for the end of it to come. Wala kaming ginagawa dito sir.

Garcillano: Wala? This will all be coming from (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and a female (believed to be Ellen Peralta) on 26 11:30 May 2004

E. Peralta: Hello.

Garcillano: Hello Len. I-remind nga sila kung nakapagpadala ba sila ng SOV 15 to 18 sheets sa kwan, sa Cotabato.

E. Peralta: Dito, sila ano, sila Ester?

Garcillano: Yun lang switch. Kung sinabihan sila ni Chairman kasi nagsabi raw si Chairman kagabi.

E. Peralta: Itatanong ko kay ano, kay Ester Roxas ho, sir.

Garcillano: Ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and a male on 26 11:34 May 2004

Garcillano: Hello.

Man: Hello sir, good afternoon. (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and a male on 13:06 26 May 2004

Man: Hello?

Garcillano: Hello.

Man: Sir?

Garcillano: Eh delikado.

Man: Delikado po?

Garcillano: Pero tingnan natin, wag ka nang maingay dyan.

Man: Opo, opo.

Garcillano: Tingnan natin.

Man: Sir, tumawag sa akin si Presidente. Kasi nagkausap sila ni Chairman Abalos diyan... (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and a male (believed to be either Renault "Boy" Macarambon or Renato "Boy" Magbutay) on 26 13:42 May 2004

Garcillano: Hello, Boy. Teka muna, nagpadala na kayo ng kwan, urgent request form for the special election sa 29? Yung nagfail na election ninyo.

Boy: Kelan po sir, 29?

Garcillano: Hindi, I don't know kung anong proposal ninyo. Kasi yung 29 you must have a resolution for all of this.

Boy: Sige sir, mag-kwan lang muna.

Garcillano: Sige, i-enumerate nyo ha.

Boy: Yes sir, enumerate po muna.

Garcillano: Sige, dapat ma-fax ninyo ngayon. Ngayong gabi.

Boy: O, sige sir. Ngayon ko i-fax.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and an unidentified male personality on 26 15:16 May 2004

Man: Hello, Gil, Gil. Wag mo lagyan ng no part, ako na lang mag-aano, pag na sa'yo na, tawagin mo lang ako.

Garcillano: Ok, oo. Ok, sige.

Man: Thank you, thank you.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and an unidentified male personality on 26 19:50 hotel May 2004

Garcillano: Nakita mo yung Callos?

Man: Alin yun?

Garcillano: Inilabas na nila yung napirmahan mo.

Man: Ahh.

Garcillano: Hindi ko alam kung official yan but I saw it's really .... Eh automatic yun eh.

Man: Besides hindi pa dumadaan sa'yo eh.

Garcillano: Wala pa sa akin, yung isa na kay Pinong. Tsaka walang promulgation eh.

Man: Oo nga.

Garcillano: Hindi na maganda ang kwan. That's already ... Eh nakakasama, meron ba tayong pag-uusapan. Once they will agree to us baka maiba pa ang decision. Eh hindi maganda eh. Kaya tinawagan ko si GMA, sabihin nya kay Chairman. Kasi it was really promulgated.

Man: But that's in favor of Padaca, hindi ba? Favoring Padaca yun di ba? May laman pa yata yung isa.

Garcillano: Oo. Ha?

Man: ...Hindi, hindi.

Garcillano: Anak ng jueteng yan, hindi maganda. Bahala na kung mapaboran si Padaca pero wag namang ganun.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and an unidentified male personality (believed to be Sen. Robert Barbers) on 20:00 hotel May 2004

Garcillano: Hello.

Barbers: Padre, merong lumalapit sa amin, mga tao daw dyan sa COMELEC. Humihingi ng, binebenta yung boto. Ano bang gagawin natin dyan?

Garcillano: Sino sa kanila?

Barbers: Hindi ko alam kung sino eh pero merong, dalawa na ang naglapit sa amin.

Garcillano: Kaya kaya?

Barbers: Ha?

Garcillano: Kaya kaya?

Barbers: Humihingi ng kwan. Masyadong malaki pare, limang milyon ang hinihingi eh.

Garcillano: Magkano?

Barbers: Limang milyon daw.

Garcillano: Ha?

Barbers: Limang milyon daw.

Garcillano: ...

Barbers: O hindi bale kung magkaabisuhan lang pwede naman tayong magdagdag ng kwan...

Garcillano: Oo, kung makakapagbigay talaga...Makiki-ano ka muna pagkatapos titingnan ko kung sino. Kunwari lang maki-ano ka. Ipasok mo ang tao mo.

Barbers: Pero pare willing naman kaming magdagdag kung kinakailangan ha?

Garcillano: O sige, oo. Para mabantayan ko.

Barbers: O sige, sige.

Conversation between an unidentified male (believed to be V. Garcillano) and female (believed to be Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) on 27 7:29 hotel May 2004

Garcillano: Hello?

GMA: Hello, meron tayong ...of Votes, E.R.s, para sa ano ... para sa Sulu?

Garcillano: Saan ma'am?

GMA: Sulu. Sulu.

Garcillano: Oo ma'am, meron.

GMA: Nagco-correspond?

Garcillano: Oo ma'am. Lahat ho meron.

GMA: Kumpleto?

Garcillano: Hindi po namin ika-count kung ...

GMA: Ok, ok.

Conversation between an unidentified male (believed to be Sen. Robert Barbers) and Gary (V. Garcillano) on 27 18:50 hotel May 2004

Garcillano: Hello, padre.

Barbers: Padre, eh yung kausap naming eh atras abante, umatras na naman.

Garcillano: Wag na lang, wag na lang. Pipilitin ko baka...na rin kasi.

Barbers: Kung ano na lang kailangan pare.

Garcillano: Pinipilit ko ...

Conversation between an unidentified male, Gary (V. Garcillano) and Boy (believed to be either Renault "Boy" Macarambon or Renato "Boy" Magbutay) on 27 19:45 hotel May 2004

Man: Hello sir, teka lang sir, ha.

(gives phone to Boy)

Boy: Hello.

Garcillano: Boy, nasan ka?

Boy: Sa BBC sir (Visayan dialect followed, line cut).

Conversation between a certain Commissioner (V. Garcillano) and Governor on 28 12:58 hotel May '04

Garcillano: Hello.

Woman: Hello sir, good morning. Yung Lanao del Sur, bukas daw sila darating dyan. Yung anim na munisipyo, last flight sa Cagayan de Oro.

Garcillano: Teka, teka muna...(line cut)

Conversation between a certain Commissioner (V. Garcillano) and Governor on 28 12:58 hotel May '04

Gov.: Hello, hi Commissioner, si Gov 'to. Ito ang kwan Gil...

Garcillano: Sultan Kudarat?

Gov.: Oo, si...Montilla...

Garcillano: Ano pa bang meron? I-proclaim na si Pax Mangudadatu?

Gov.: Oo, tulungan natin yan.

Garcillano: Eh, i-clear mo kay ma'am.

Gov.: ...meron siyang file. Na sa'yo yata yung kwan nya eh.

Garcillano: Wala sa kin.

Gov.: Yung papel, nasa division, oo nga, oo.

Garcillano: Pro-forma lang yan, kung ano ang posisyon. Kasi nagusap din kami ni ma'am diyan, tinawagan niya ako pero di yan.

Gov.: Tinawagan ka ni Presidente tungkol dyan?

Garcillano: Hindi naman tungkol dyan pero kakausapin ko din siya tungkol dyan.

Gov.: Sabihin mo, yan lang naman ang hihilingin ko naman eh, yan lang ang hihilingin ko sa 'yo, alam mo naman hindi ako humihiling sa 'yo.

Garcillano: Hindi. Naipit na nga ako dun sa kaso...

Gov.: Yung tungkol dun sa 'kin pabayaan mo na yan. Ok lang ako.

Garcillano: Ako ang tinira dun.

Gov.: Alam ko binibira kayo ng NPA pati dyan ha. Alam ko yun buhay mo ang nakataya dun. Kaya ito ang ipapakiusap ko lang sa 'yo, ha? Ok?

Garcillano: O sige, basta dumating sa amin....

Gov.: Basta dumaan sa 'yo ha, suportahan mo.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and an unidentified male on 28 13:15 May 2004

Garcillano: Hello.

Man: Comm., tumawag na raw si ano, si ma'am. Yung ke Li ilabas nyo na raw.

Garcillano: Ke Li?

Man: Verceles. Ke Li daw tayo, ke Verceles daw tayo.

Garcillano: Ke Li?

Man: Oo, ke Verceles.

Garcillano: Ah Verceles.

Man: ...natin siya ha?

Garcillano: Eh nandito ba sa kin?

Man: Eh hindi ma-ano, nakasuspend raw ang proclamation at nakikipag-usap. Sabi ko nga kay Li, sige kung nag-aalangan ka, iaasure ko sa 'yo makakadeliver yan basta kung may usapan kayo.

Garcillano: Oo, tsaka hindi naman yata sa kin.

Man: O nakanino ba? Iniipit yata nung PES natin eh, patingnan mo nga boss.

Garcillano: Hindi, yung PES, ok yung PES.

Man: Eh nasan na ba?

Garcillano: Siya ang nagsabi sa akin eh...siya nagsabi sa akin, yung PES. Kaibigan ko naman iyon. Kaya di ko alam kung nasaan. Paki-tawag mo kay kwan, baka nandito na naman sa isang ito.

Man: ... million na raw, ha?

Garcillano: Oo.

Man: Baka tumawag sa 'yo, sabihin mo nagkausap na tayo ha.

Garcillano: Kaibigan ko yun eh.

Man: Ok, ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano), George (believed to be George Goking) and Louie on or about 28 19:04 hotel May '04

(garbled)

Garcillano: Hello.

George: Hell, Comm. si George Goking. Ang dami palang FPJ supporters sa Silahis.

Garcillano: Ah, pumunta na lang kayo dito sa bahay, kayo ni Louie.

George: Sa bahay na lang?

Garcillano: Oo.

George: Okey, sandali lang, kakausapin ka ni Louie.

(gives phone to Louie)

Louie: Hello, call.

Garcillano: Pumunta na lang kayo sa bahay para hindi na ako ma-expose.

Louie: Okey, call, sige. Call.

Conversation between a male (believed to be V. Garcillano) and a female (believed to be Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) on 28 22:13 May 2004

Garcillano: Hello, good evening ma'am.

GMA: Hello, the FPJ camp raw will file a case against the Board of Canvassers of ano, dun sa Marawi, and the military?

Garcillano: Ano ma'am?

GMA: The FPJ camp raw will file a case raw against the Board of Canvassers and the military in Marawi?

Garcillano: Hindi naman ho siguro nila maa-ano yung ating Board of Canvassers, pero ang military, kasi si Gudani, sa kanila si Gudani. I do not know why they will file.

GMA: Oo, oo.

Garcillano: Sa kanila si Gudani ma'am. In fact that's why we have, I have to work with Gen. Esperon and Gen. Kyamko na at that time, pinalitan namin si Gudani for a while. Kaya kwan, pero bakit nila file-filan yang mga military na sa kanila lahat. Halos ayaw na nga mag-give way sa aming mga tao.

GMA: Oo, meron silang pina ... (line cut)

Conversation between male (believed to be V. Garcillano) and female (believed to be Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) on 29 09:43 hotel 2004

GMA: Hello?

Garcillano: Hello, ma'am, good morning. Ok ma'am, mas mataas ho siya pero mag-compensate ho sa Lanao yan.

GMA: So will I still lead by more than one M., overall?

Garcillano: More or less, it's that advantage ma'am. Parang ganun din ang lalabas.

GMA: It cannot be less than one M.?

Garcillano: Pipilitin ho natin yan. Pero as of the other day, 982.

GMA: Kaya nga eh.

Garcillano: And then if we can get more in Lanao.

GMA: Hindi pa ba tapos?

Garcillano: Hindi pa ho, meron pang darating na seven municipalities.

GMA: Ah ok, ok.

Garcillano: Sige po.

GMA: Ok. Ok.

Conversation between male (believed to be V. Garcillano) and female (believed to be Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) on 29 09:47 hotel May 2004

Garcillano: Hello ma'am.

GMA: Hello. Forty-plus daw ang talo ko dun sa kwan, sa Cotabato?

Garcillano: Ma'am?

GMA: More than forty?

Garcillano: More or less, pero hindi ho siguro sosobra ng forty ma'am. Nag-usap na kami ni Atty. Bedol.

GMA: Ah ganon. So mali yung figures ni Teng?

Garcillano: Ah, siguro kasi si Teng, kinausap niya yung staff ni Atty. Bedol. Kami ni Atty. Bedol, nag-usap ho ngayon. But I'll give the exact figure ma'am in a little while, para ma-kwan ho ninyo.

GMA: Oo, pero...(line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and an unidentified male on 29 11:29 May 2004

Man: Hello, Brod. Kwan, tinawagan ko si Sammy dahil sa kanya involved yung kwan, yung Pangutaran. Sabi ko "Kung anong kwan mo, ikaw ang tatawag kay Commissioner Garcillano." Tatawag daw siya.

Garcillano: Ok, thank you, brod.

Man: Sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and one unidentified female believed to be PGMA (Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) on 29 1400hrs. May 2004

GMA: Hello?

Garcillano: Hello ma'am, good afternoon. Tumawag raw kayo ma'am?

GMA: Yes, oo. Sabi nung kabila, nagpaplano-plano sila among themselves, meron daw silang mga affidavits from teachers and Board of Canvassers na they witnessed and were made to cheat.

Garcillano: Wala naman hong, saan ho nila kaya, yung kwan ho kanina, yung sinabi nyo sa Pangutaran it's like this. It's true na yung nag-appear doon, nabaligtad si FPJ. Pero sa canvassing sa province, ang result yun din hong original ang nalagay because of the words and figures were not changed.

GMA: Uh-hm, uh-hm.

Garcillano: Kasi sila Gen. Habacon ba, hindi masyadong marunong pa dyan, medyo sila ang umano nun. Nag-explain ho sa akin yung election officer ng kwan, ng Pangutaran, si kwan.

GMA: Uh-hm ...

Garcillano ... pero sa canvass, sinabi naman ho ng Provincial Board of Canvassers, ang ginawa, yun din hong original votes nya, yun din ho ang nabilang kaya wala ho (line cut)

Conversation between Senator (Robert) Barbers and Gary (V. Garcillano) on 29 15:16 hotel May 2004

Barbers: Hello Commissioner. Si Senator Barbers.

Garcillano: Ah, Senator.

Barbers: Meron daw order na ipalipat sa Manila yung canvassing sa Cotabato?

Garcillano: Wala akong alam nyan Senator. Kasi sabi May 29. Wala naman akong napirmahan ngayong araw. Wala naman kaming pipirmahan. Kaya nga, vine-verify ko, pero si Atty. Bedol, yung ating tao dun, hindi makontak. (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Teng (believed to be Israel "Teng" Kamid) on 29 15:22 hotel May 2004

Teng: May dumating daw na en banc eh. Ikaw lang ang walang nakapirma sir.

Garcillano: Ako lang?

Teng: Oo, transfer of venue.

Garcillano: Papano nangyari yan, nandyan naman ako sa Comelec.

Teng: Yun nga eh, nagtaka nga kami eh dahil nung nandun na kay Bedol yung resolution ng en banc, ikaw lang ang walang pirma doon.

Garcillano: Nandito naman ako kanina, ba't hindi ako tinatawagan, ako na nga ang nasa opisina eh.

Teng: Yun nga sir eh. Ngayon lang namin nareceive eh kaya nga tumatawag ngayon eh kung anong dapat gawin natin dito.

Garcillano: Kung may order na ganoon...ano ba, tapos niyo na ba yung ano, sa taas?

Teng: Hindi pa natapos sir eh.

Garcillano: Ipadelay mo lang kay kwan kay Atty. Bedol para makagawa siya kung anuman.

Teng: Ipadelay na lang?

Garcillano: Ipadelay lang ng konti. Tutal kailangan naman mga arrangement diyan para sa kwan...Sinabihan nga ako ni Bai Sandra, tsaka ewan ko ha...Muslimin, na hindi bale maano yung kanila. Anyway, mas maganda para sa kanila pag nandito. Pero para sa atin sa itaas, medyo hindi maganda.

Teng: Yun nga eh, apektado tayo eh.

Garcillano: Lalo na yung inaano natin, yung sa kaibigan natin. Sa taas ... hindi na baleng hindi na natin gagalawin.

Teng: Yun nga sir, kababayan natin sir ba.

Garcillano: O sige, kung maari, tawagan ako ni Atty. Bedol para mabigyan ko sya ng instruction.

Teng: Sige po, tawagan niya kayo ngayon.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Atty. Bedol (believed to be Atty. Lintang Bedol) on 29 15:25 hotel May '04

Garcillano: Meron talagang resolution? Merong order na lilipat kayo sa Maynila?

Atty. Bedol: Hello sir, meron sir, nandito, nareceive namin. We have already...

Garcillano: San ang date nyan?

Atty. Bedol : 29. Kanina rin.

Garcillano: Eh bakit hindi man lang ako pinaalaman eh nandyan naman ako sa opisina?

Atty. Bedol: Eh ... Nakalagay dun nasa official business ka daw, dun sa motion eh.

Garcillano: (garbled) (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on 29 17:56 hotel 2004

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Hello.

Woman: Hello, 'to?

Garcillano: Tumawag si Presidente, nagpapatulong na pigilan. Pigilan ang kanilang petition kaya pinatawag ko na si Chairman.

Woman: O, sige, sige.

Garcillano: Kasi, humihingi talaga sa akin ng advise si Presidente kung ano daw ang gagawin.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on 29 19:40 hotel May 2004

(translated from the Visayan original)

Male: Hello, sir. Good evening, sir.

Garcillano: Good evening. O, asan ka na?

Male: Andito ako sa .....

Garcillano: Sino ba yung mga ibang kasama kanina. Si Norma, Badria.

Male: Badria, Peping Lumabao, sir, tapos si kwan sir, Bobby Yusoph, sir.

Garcillano: Wala man dito si Bobby.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and male personality (believed to be Israel "Teng" Kamid) on 30 10:45 May 2004

Garcillano: Hello.

Teng: Hello sir, good morning po.

Garcillano: Good morning.

Teng: Si Teng po ito sir. Anong balita po sa Cotabato, sir?

Garcillano: Yun nga, aalis daw si kwan, pero sabihin mo dyan kung ma-delay niya, i-delay na.

Teng: Yun nga eh, kaya lang may human barricade dito.

Garcillano: Eh di mas mabuti para hindi sila makaalis.

Teng: I see.

Garcillano : Pero huwag ka lang maingay kasi hindi ako nila pina-alam dyan sa resolution na yan.

Teng: Ah kaya pala.

Garcillano: Hindi ako nagpirma eh. Hindi ko alam eh.

Teng: OB. Nakalagay eh.

Garcillano: Kaya nga eh, ako ang nasa opisina, sila ang wala.

Teng: Opo. So ano sa tingin mo kaya ngayon? Balita daw papalitan daw ang Board of Canvassers?

Garcillano: Oo, papalitan silang lahat.

Teng: Sinong papalit?

Garcillano: Tapos sinasabi na si Bedol na lang ang papupuntahin dito. Bakit superman sya? Pabayaan mo lang, wag kang maingay dyan. Kung hindi sya makapunta, mas maganda.

Teng: Ah ganun...sige po.

Garcillano: Pero kung maari, in the meantime, makakagawa siya ng paraan.

Teng: Yun nga ang problema kasi ang daming tao.

Garcillano: Sige lang pabayaan mo silang magkagulo dyan muna.

Teng: Opo. I-monitor mo lang sir, baka bigla namang ipilit nila ba.

Garcillano: Kung ipilit nila, di may ... naman si Atty. Bedol na hindi aalis dyan eh.

Teng: Meron naman.

Garcillano: Kung siya lang ang mag-isa, di papano yan?

Teng: Oo, wala pa rin. O sige sir. Maraming salamat po sir ha.

Garcillano: O sige Teng.

TAPE II

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified man on 30 12:13 hotel May '04

Man: Hello sir, nagtawag ka daw sir?

Garcillano: Nagtawag ako.

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Tumawag ako kasi iba na naman yata ang number nitong puti.

Man: Puting cellphone, sir? Yung in-off mo, sir? 'Yun pa rin naman ang SIM niya, sir.

Garcillano: Oo. Yung 43...221 yung last number niya. Hindi naman ito yun.

Man: Ganoon ba, sir. Sige, tingnan na lang natin 'yan mamaya.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Rey (believed to be Rey Sumalipao) on 30 13:30 hotel May '04

Rey: Hello?

Garcillano: Hello, Rey.

Rey: Sir.

Garcillano: O kumusta na kayo dyan?

Rey: Ah ok lang, dito ako sa NBC ng ano, ng lugar ng (garbled) ...

Garcillano: Lumba-Bayabao?

Rey: Oo sir.

Garcillano: Anong kwan dyan sa Lumba-Bayabao?

Rey: Nagka-canvassing. In-order to continue the canvassing pero wala namang proclamation. Yun ang order sa en banc sir, di ba?

Garcillano: Meron ba?

Rey: Meron na sir.

Garcillano: Ha?

Rey: Meron sir. To continue with the canvassing but suspend the proclamation.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and his wife (Grace) on 30 14:31 hotel May '04

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Hello. Natawag ka na?

Grace: Hello, di. Uuwi na kami. Asan ka na?

Garcillano: Andito ako sa Tondo.

Grace: Dadaanan ka ba namin?

Garcillano: Hindi. Pagkahati sa iyo, ...na dito.

Grace: Pagkahatid sa amin, ipadaan diyan sa iyo?

Garcillano: Hindi. Pagdaan mo sa simbahan...

Grace: Sandali lang kasi nag-low batt ako.

Garcillano: Ipahatid na ito pagkadaan sa iyo sa simbahan.

Grace: Hindi na siguro ako magpapahatid sa kanya. Magta-taxi na lang siguro kami.

Garcillano: Hindi, kasi andito naman ako.

Grace: E, alas singko ang aking service. Matagal pa kaming maghihintay.

Garcillano: Matagal pa ba? Pagkahatid sa inyo, ipa- ... (garbled) ... mo na lang dito.

Grace: Di ka na namin dadaanan? Pwede naman ngayon para diretso na tayo.

Garcillano: O, sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Noli (believed to be Manuel "Noli" Barcelona Jr.) on 30 16:31 May 2004

Noli: Hello.

Garcillano: Hello, si General?

Noli: Ha?

Garcillano: Hello.

Noli: Si Noli 'to.

Garcillano: Ah Noli, ano nang nangyari dun sa kwan, dun sa Cotabato?

Noli: Ewan ko. Eh, nag-aalburoto daw si Sema, sabi ni Joey.

Garcillano: Ay kaya, akala ko nga si Joey itong ... Ipinasa mo lang ba sa kin?

Noli: Oo, pinasa ko lang sa 'yo.

Garcillano: Ay kaya pala. Iba yung ano.

Noli: Pinasa ko lang sa 'yo. Actually, ang sabi ko kay Joey, patawagan nya si Abalos para ma-recall yung resolution. Tutal, kahapon lang naman yun.

Garcillano: Yun nga. Tumawag sa akin si No. 1. Pero ayaw kong tumawag kay Chairman kasi hindi man ako pumirma sa resolution.

Noli: Hindi, hindi. Ang pinasasabi ko, tawagan ni GMA siya, si Abalos.

Garcillano: Oo nga, sinabihan ako ni presidente pero hindi ko inaano na siya muna ang tatawag, sila ang tatawag. Kasi kahapon in-OB ako, andun ako sa opisina until 4 o'clock. Natawa ako.

Noli: Akala ko naman, kaya ako pumirma, akala ko order sa taas.

Garcillano: Hindi ok lang. Pero si presidente, kahapon pa, ayaw niya. Wala namang problema.

Noli: Sino bang, sinong may move nun?

Garcillano: Aywan ko. Ano bang problema...?

Noli: Hindi ko nga alam. Kaya ko pinirmahan, di ba sabi nyo dine-delay natin yung Cotabato para sa botohan, di ba? Eh tapos na ang botohan eh.

Garcillano: Tapos na, ok na. Kaya lang hindi pa natin malaman kung sino mananalo sa kanila. O sige lang, basta tawagan ko na lang si Bedol kung ano bang sitwasyon... Ok sige.

Noli: Sige lang, tatawagan ko si Joey.

Garcillano: Ah Joey ipatawag niya sa akin kung kwan, akala ko sa kanya yung ano, iyo pala. O sige.

Noli: Ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Malou (believed to be a staff member of Benjamin Abalos) on 31 10:12 hotel May 2004

Malou: Hello Comm., pinapapunta po kayo ulit ni Chair.

Garcillano: O sige, ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on 31 13:50 hotel May 2004

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Hello.

Woman: Hello, Gil. Kumusta naman? Ano ba ang mas mainam? Naghihintay lang kami dito ng developments.

Garcillano: Saan? Sa Malabat?

Woman: Oo.

Garcillano: Sige lang. Ive-verify ko mamayang hapon.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on 31 21:38 hotel May 2004

Garcillano: Hello.

Man: Hello, Gil. Kausap ko lang si ma'am. (line cut).

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Noli on 31 21:48 hotel May 2004

Garcillano: Hello ma'am?

Noli: Hindi, si Noli to. Na-verify mo?

Garcillano: Hindi pa. Hindi ko makontak pero sige, give me time, 5 minutes.

Noli: O sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and an unidentified female believed to be GMA (Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) on 31 23:17 hotel May 2004

Garcillano: Hello, ma'am.

GMA: Hello, tsaka ano yung kabila, they're trying to get the Namfrel copies of the Municipal COCs.

Garcillano: Namfrel copies ho?

GMA: Uhm-um.

Garcillano: Ay wala naman, ok naman ang Namfrel sa atin. They are now sympathetic to us.

GMA (mumbling): Oo, oo. Pero (garbled)...and Namfrel does not tally. Pero yun nga, yung dagdag, yung dagdag.

Garcillano: Oho, we will get an advance copy ho natin kung anong hong kwan nila.

GMA: Oo, oo.

Garcillano: Sige po.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Ben on or about 01 11:10 hotel June '04

Ben: Hello sir?

Garcillano: O nasan ka Ben?

Ben: Nandito pa ko bandang Quezon Avenue, sir.

Garcillano: Pwedeng dumeretso ka sa 'kin? Mag-sama kayo ni Atty. Tambuang.

Ben: Papunta dyan sa 'yo sir? Ok sir.

Garcillano: Teka nasan si Lisa?

Ben: Ah nandyan na, dumating naman.

Conversation between Gary (V. Garcillano), Lisa and the secretary of Garcillano

Lisa: Hello, si sir?

Secretary: Sandali lang po, ma'am. (gives phone to Garcillano) Si Lisa.

Garcillano: Hello.

Lisa: Hello sir, si Flor walang nakuha...ang isa.

Garcillano: Nandun sa Seafood Wharf.

Lisa: City bar?

Garcillano: Seafood Wharf. Dyan sa may Luneta.

Lisa: Ah sa Luneta?

Garcillano: Oo 'yang likod ng former Army Navy Club. Seafood Wharf.

Lisa: Oo sir.

Conversation (between V. Garcillano and unidentified male)

Man: Hello sir.

Garcillano: Hello.

Man: Sir.

Garcillano: Ah tawagan mo nga si Datu Buklakbun (?).

Man: Oo sir, hindi kasi siya sumasagot eh.

Garcillano: Kaya nga eh baka ipakidnap ko siya.

Man: Hanapan ko ng paraan para makontak siya.

Garcillano: Kontakin mo kasi kailangan ko siya. Baka gusto niya makidnap siya.

Man: Oo sir, ok sir.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female (believed to be Elisa Gasmin) and Atty. Bedol (believed to be Atty. Lintang Bedol) on or about 01 14:12 hotel June '04

Elisa: Hello sir.

Garcillano: Hello nasaan kayo?

Elisa: Dito kami sa session hall sir waiting for the other counsels and watchers to come. Wala pa one side pa lang narito.

Garcillano: One side pa lang?

Elisa: Sa Sema side pa lang ang narito.

Garcillano: 'Yung kabila?

Elisa: Wala pa 'yung Juliano side at 'yung kila Digs.

Garcillano: Kausapin ko si Atty. Bedol.

(gives phone to Bedol)

Atty. Bedol: Hello sir.

Garcillano: Bakit walang Juliano na naman?

Atty. Bedol: Wala pa sir, wala pa sila dito. Probably they were not notified, probably they simply do not want to attend in today's proceeding because we have earlier made a notice that it's going to be in the afternoon of Wednesday, bago kami umalis doon eh.

Garcillano: Oo, pero ang problema mo, they were the ones who asked for this type of petition for the transfer and then kung maaari i-fax mo na lang dun sa Cotabato yung papel mo sa kanila.

Atty. Bedol: Yun na nga sir eh, they have to show better interest than that of the adverse party kasi sila ang nagpa-transfer eh.

Garcillano: Sila nag-transfer. Pagkatapos ito ano, in the interest of Barbers kung mag- ... (garbled) ... tingnan mo yung mga favorable sa kanya, ... (garbled) ... sa kanya. That's the only way we can trim down to make him win for about 8,000 or more.

Atty. Bedol: We have to go on now sir?

Garcillano: If you can, why not?

Atty. Bedol: Ok.

Garcillano: Ok, sige.

Conversation (between V. Garcillano and an unidentified male)

Man: Hello?

Garcillano: Hello.

Man: Hello Comm.

Garcillano: Nakausap ko si Bedol. Nandun na sila, ready na sila pero wala yung Juliano. Ang Juliano naman ang wala. Di ba sila ang nag-petition for the transfer? Wala bang sumama sa kanilang watchers?

Man: Ah. Eh papaano, papano manonotify kaya yun sir?

Garcillano: Hindi, ganito, ang sabi ko nga one alternative is send them to the office of Kaguiteng in Cotabato pero just the same, bukas na naman yan kung ganyan. If it's going to be sent there. But I think they make themselves rare para di maano kasi sinabi ko dun ready na sila nandyan din yung mga watchers ni kwan ni Sema. Pero they are already ready nandun sila eh. Galing sila sa aking office eh.

Man: So ang wala lang si Juliano?

Garcillano: Juliano. Sila nag-petition, di ba? Pagkatapos bakit sila ang wala?

Man: Ano ngang solusyon dyan? Para matuloy anong sina-suggest mo?

Garcillano: Sabi ko nga kung kaya niya kung sino'ng ma-servan nga dyan. Magserve ka na dyan para you can go on.

Man: O sige, ganun na lang.

Garcillano: Sinabi ko ganun na lang.

Man: O sige sir.

Conversation between two unidentified male (one believed to be V. Garcillano) on or about 01 15:07 June '04

Garcillano: Hello.

Man: O hindi daw makakontak dyan eh, ito daw ang figure.

Garcillano: Ah, sandali. Ano?

Man: Sa Talitay, Biazon, sixty-seven.

Garcillano: Ano, ano?

Man: Six seven.

Garcillano: 67,000? 6,700?

Man: Six seven lang. Sixty-seven.

Garcillano: Sixty-seven lang?

Man: Oo.

Garcillano: Kanino ito?

Man: Kay Biazon.

Garcillano: Biazon.

Man: Barbers 81 lang daw.

Garcillano: 81.

Man: Sa South Upi (coughs) South Upi, Biazon, nine, nine, seven.

Garcillano: Biazon ano?

Man: Nine hundred ninety-seven. Si Barbers, 4,997.

Garcillano: 4,997?

Man: Oo. O, sige.

Conversation between PGMA (Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) and Gary (V. Garcillano) on or about 01 21:43 hotel June 2004

Garcillano: Hello, ma'am.

GMA: Hello?

Garcillano: Good evening, ma'am.

GMA: When they opened the ballot box of Camarines Norte, it was empty.

Garcillano: Uhm, this afternoon, ma'am?

GMA: Uhm-um.

Garcillano: Camarines Norte?

GMA: Uhm-um.

Garcillano: I'll call up the supervisor tonight or tomorrow ma'am.

GMA: Uhm-um. Si Cariño?

Garcillano: Ah, Lisa Cariño. She's not going to do that because this girl is a straight type.

GMA: It was empty.

Garcillano: Oh yeah, I'll call her up ma'am.

GMA: Ok.

Garcillano: Sige po.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Mike (believed to be First Gentleman Mike Arroyo) on 02 10:23 hotel June 2004

Mike: Hello, si Mike to. Kung pwede ho tulungan si Bobby Barbers.

Garcillano: Oo nga, pero mahihirapan na tayo, medyo nabuko tayo sa Lanao del Sur at hindi na makakahabol dito sa Cotabato.

Mike: Ganun ba. Baka pwede pang magawaan ng paraan?

Garcillano: Nandito kami sa session ngayon eh.

Mike: Ah ganun ba.

Garcillano: Nag-usap na kami ni Senator.

Mike: Ok. Yun lang.

Garcillano: Ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on 02 11:42 hotel 2004

Man: Nakahabol ba?

Garcillano: Tinitignan ko. Nagproclaim kami ng 15 lang, para kung makahabol kahit isa man lang titingnan natin.

Man: Ok.

Garcillano: Nahihirapan pa ako sa tawag ng tawag ni ma'am gawa nitong ... Ang daming kalokohan na ginagawa nila eh, wala daw laman yung ating Camarines Norte na ballot box.

Man: Oo nga eh.

Garcillano: Pinabalik ko yun. Pero hindi eh, may inventory 'yan before we receive it. May receipt man.

Man: Baka ninakaw.

Garcillano: Oo. Pero pinapunta ko rito yung supervisor. Darating na 'yun and I will send her to the Senate para kwan. Sige lang, malalaman natin kasi we are going to go canvass itong Cotabato tsaka Lanao Sur.

Man: 2 o'clock ito, 2 o'clock ang canvass. Pero maaayos kaya?

Garcillano: Kaya nga. 'Yun ang inaayos na lang. Hindi na pwede 'yung kaibigan natin.

Man: O nga eh. Di bale. Sige.

Garcillano: Oo, sige rin.

Man: Ok, pare. Thank you.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified man (believed to be First Gentleman Mike Arroyo) on 02 11:56 hotel June 2004

Garcillano: Hello sir.

Mike: Sabi ni Bobby Barbers. Meron pa raw siya kasi doon sa Lanao del Sur, mga 27 municipalities pa.

Garcillano: Alin, alin?

Mike: Meron pa raw 27 municipalities sa Lanao del Sur.

Garcillano: Hindi, hindi, ang kwan dun sa Lanao del Sur, dalawang presinto sa Bayang, apat na presinto sa Madalum, isang presinto sa Kapai. 'Yun na lang.

Mike: So bale lima?

Garcillano: No, pero presinto lang.

Mike: Ah, precincts lang.

Garcillano: Oo, wala na ngang 1,000 eh.

Mike: That's his impression.

Garcillano: Wala na ngang 1,000 eh.

Mike: Umm, impression niya sa Columbio meron pa raw siya.

Garcillano: Hindi, wala na yung Columbio, nakasama na nung kwan...

Mike: Sabihin ko wala na rin?

Garcillano: Sa South Upi ang kwan, nilagay nila na merong 4,000 pero kahit itaas wala pa rin, hindi makahabol.

Mike: Hindi. Eh ang Tawi-tawi makakuha pa raw sya ng 750.

Garcillano: Eh wala namang ano eh ewan ko, wala namang ganun eh. Alam mo talagang inaano ko 'yan, pinagdududahan nga akong nag-kwan dun sa Lanao Sur eh.

Mike: Oo. Anak ng pusa. Hay naku, kawawa naman.

Garcillano: O sige tatawagan ko mamaya sya.

Mike: Tawagan mo sya kung pwede.

Garcillano: Oo, sige, sige.

Mike: Ok, thank you.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male (believed to be Juhary Abinal Galo) on 02 21:45 hotel June 2004

Juhary: Hello Tatay, kumusta? Ah nandito rin ako sa bahay kay Janet.

Garcillano: Nasaan si kwan si Datu Boy?

Juhary: Ah si Datu Boy hindi nakakatawag dyan?

Garcillano: Hindi man. Kaya gusto kong makausap para papano natin ma ... (garbled) ... ang sitwasyon ninyo?

Juhary: Ahh.... Sabihin ko na lang sa mga kamag-anak niya...akala ko nakatawag sa 'yo?

Garcillano: Hindi pa hanggang ngayon.

Juhary: Ah. Si Kodi?

Garcillano: Hindi rin. Si Kodi wala rin.

Juhary: Si Kodi nakita ko nung nag-hearing diyan sa baba, tatay.

Garcillano: Hindi naman nagpapakita sa akin yang mga yan.

Juhary: Ah, dala sila kay Mike....

Garcillano: Oo. Baka itinatago nila...

Juhary: Sino?

Garcillano: Si Datu Boy.

Juhary: Ah hindi. Siguro nag-relax yun eh kasi para hindi nga raw makita ni Gambai.

Garcillano: Oo nga. Pero dapat magpakita sya sa kin. Gambai lang naman ang hindi niya makikita eh.

Juhary: Oo tama, para makatawag sa 'yo o magpunta kung ano, noh?

Garcillano: O sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female believed to be PGMA (Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) on 02 22:29 hotel June 2004

Garcillano: Hello, ma'am. Good evening.

GMA: Hello. Dun sa Lanao del Sur tsaka sa Basilan, di raw nagmamatch ang SOV sa COC?

Garcillano: Ang sinasabi nya, nawala na naman ho?

GMA: Hindi nagmamatch.

Garcillano: Hindi nagmamatch? May posibilidad na hindi magmatch kung hindi nila sinunod 'yung individual SOV ng mga munisipyo. Pero aywan ko lang ho kung sa atin pabor o hindi. Kasi doon naman sa Basilan at Lanao Sur, itong ginawa nilang pagpataas sa inyo, hindi naman ho kwan, maayos naman ang paggawa eh.

GMA: So nagmamatch?

Garcillano: Oho. Sa Basilan, alam nyo naman ang mga military dun eh hindi masyadong marunong kasi silang gumawa eh. Katulad ho dun sa Sulu, sa General Habacon. Pero hindi naman ho, kinausap ko na 'yung Chairman ng Board sa Sulu. Ang akin patataguin ko na muna yung EO ng Pangutaran na para hindi siya maka-testigo ho. Na-explain na ho yung sa Camarines Norte. Tomorrow we will present the official communication dun ho sa Senate. 'Yung sinasabing wala hong laman 'yung ballot box. Na-receive ho nila lahat eh.

GMA: Oo, oo.

Garcillano: Tumawag ho kayo kanina ma'am?

GMA: Yeah, about that Lanao del Sur nga at tsaka Basilan.

Garcillano: Iaano ko na lang ho, nag-usap na kami ni Abdullah dun sa kwan kanina. About this, iaano ko ho, huwag ho kayong masyadong mabahala. Anyway, we will take care of this. Kakausapin ko rin si Atty. Macalintal.

GMA: Oo. Tapos nun, si uhm ... sa Languyan, meron daw silang teacher na nasa Witness Protection Program ng kabila. Languyan.

Garcillano: Sino ho?

GMA: 'Yung kabila. May teacher daw silang hawak.

Garcillano: Wala naman ho, baka nananakot lang ho sila kasi.

GMA: Languyan, Tawi-Tawi.

Garcillano: Languyan, Tawi-tawi? Wala naman ho tayong kwan dun, wala tayong ginawa dun, sa Languyan. Talo nga tayo dun, talo nga si Nur dun eh.

GMA: Oo, oo.

Garcillano: Sige, aanuhin ko ho lahat ng 'yan.

GMA: Ok, ok. Thank you.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male personality (believed to be Sen. Robert Barbers) on 03 13:35 June '04

Garcillano: Hello.

Barbers: Padre...yung mga bata ko ng...sa kompromiso ko sa 'yo dyan, kung ibigay ko sa 'yo, kung anong konsiderasyon?

Garcillano: Oo.

Barbers: Pakisuyo lang pare, kung anong konsiderasyon ok lang ako ha.

Garcillano: Oo, ok, sige.

Conversation between Gary and (V. Garcillano) and unidentified male personality (believed to be Sen. Robert Barbers) on 03 13:37 June '04

Garcillano: Hello?

Barbers: Padre, yun daw sa Basilan wala nang nagbabantay pare. Pinabayaan na ng mga tao. Yun na lang ang natitira eh, Basilan.

Garcillano: May petition kasi for annulment dun.

Barbers: Ah ganun.

Garcillano: Sumobra masyado.

Barbers: Pwedeng ikarga mo naman 'yung 70,000 pare ... (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male personality (believed to be Sen. Robert Barbers) on 03 13:39 June '04

Barbers: Padre, may pag-asa pa ba tayo? Sa Basilan pala pwede pa eh. Tsaka sa Isabela.

Garcillano: Oo.

Barbers: Pero sitenta mil ang kailangan pare eh. 70,000 na lang kailangan, hati-hatiin mo na lang 'yun. Tig-kokonti lang 'yun. Ano na pare, patotohanin mo na. Wala nang pag-asa yan. Patotohanin mo na. Kung ano na lang ang konsiderasyon sabihin mo na lang sa akin kung ano pang additional. Pare, pakisuyo lang, pakitapos na lang para 'yun na lang aanuhin ko sa 'yo. Ha? Marami pang natitira, pwede pang idagdag eh ha?

Garcillano: O sige, sige.

Barbers: 70,000 lang ang kailangan pare.

Garcillano: Ok sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male personality on 03 15:16 June '04

Garcillano: Hello.

Man: Sir, bay. Pwede ka mamaya?

Garcillano: Anong oras?

Man: Kayo, kahit na late.

Garcillano: Mga ten? Ok sige, dito ako istambay sa Aloha mamaya eh.

Man: Aloha? Pasundo kita sa Aloha? Anong oras doon?

Garcillano: Oo, before 10.

Man: Ok. Sige, mga 9:30 nandun na yung bata.

Garcillano: Ok, sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female personality on 03 18:27 June '04

Woman: Hello sir.

Garcillano: Bakit hindi ka tumatawag?

Woman: Ano sir?

Garcillano: Bakit hindi ka tumatawag?

Woman: Hindi. Wala akong number, nawala nga yung cellphone eh.

Garcillano: Nawala na naman?

Woman: Oo nga eh, nanghihiram nga ako. Sino ka (garbled) mo sir?

Garcillano: Si kwan, yung maputi ang buhok.

Woman: Kumusta naman sir... (line cut).

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Len (believed to be Ellen Peralta) on 03 18:30 June '04

Len: Hello sir.

Garcillano: Hello Len, ipaalala mo kay Romy meron silang reward nyan pero huwag maingay kahit na isang M. Makuwan lang nya. Meron pa kasing isa pa sana kung pupwede pero hindi ko lang alam kung meron silang ikakwan, 'yung SMILE din. Ke kwan pa naman yan, yung sa kaibigan ko dyan sa tabi. Pero 'yung isa sigurado na 'yun, yung sinabi ko. Pagkatapos kung kwan, tatanungin ko pa 'yung isa.

Len: Oho.

Garcillano: Pero unahin na nyan 'yung kwan, 'yung sinabi ko na. Sige, sige. Tatawag na ako sa kwan.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male personality (believed to be Sen. Robert Barbers) on 03 19:03 June '04

Garcillano: Hello.

Barbers: Padre. Pag nakumpleto mo proclaim mo na kaagad, para tapos na.

Garcillano: Oo, naka-ready na ha.

Barbers: Oo sige, sige, basta sabihin mo lang sa akin kung kelan ko dadalhin yung requirement natin ha.

Garcillano: Ngayon, ngayon hanggang bukas kailangan mayari.

Barbers: O sige, basta sabihin mo lang kung magkano.

Garcillano: Magkano? Sinasabi ko nga kung humingi sila, sinasabi ko lang isa, pero kung kwan, dadagdagan natin siguro baka manghingi eh.

Barbers: Oo ok lang pare. Kelan ko dadalhin?

Garcillano: Malalaman ko ng bukas ng umaga.

Barbers: Basta i-paproclaim mo na, kung magkano kailangan sabihin mo na lang sa 'kin. Sige, ok.

Garcillano: Ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male personality on 03 21:20 June '04

Man: Sir.

Garcillano: Nasaan na?

Man: Papunta na ho dyan... (line cut).

Conversation between Gary (V. Garcillano) and a certain Teng (believed to be Rep. Suharto "Teng" Mangudadatu) on 04 08:32 June '04

Teng: Hello sir, good morning sir, si Teng po ito sir. Kumusta na po kayo, sir?

Garcillano: Heto.

Teng: Busy pa rin o tapos na?

Garcillano: Busy pa rin. Maraming gagawin, maraming ina-ano eh.

Teng: (Laughs.) Tumawag kasi si FG, 'yung boss natin ba, si Mike. Ini-refer nya 'yung case ni Baiz Dilangalen...asawa ni bay. Paano daw natin i-delay yun ba?

Garcillano: Ewan ko. Tawagan mo nga sila kwan, si Tuason at saka si Barcelona. Kasi katulad ng ginawa diyan sa pag-transfer dito, hindi man ako pinapirma.

Teng: Yun nga eh.

Garcillano: Medyo naiba nga ako dun kasi nandito ako sa opisina pagkatapos ako ang nilagay na OB.

Teng: Actually, sir, inikot lang daw. Di na nga nalaman eh, kumbaga...

Garcillano: Oo alam ko, kasi nandito ako sa opisina eh. Pero bakit ako yung nilagyan na OB, sila yung wala sa opisina.

Teng: Si Chairman daw nagtira nun eh.

Garcillano: Oo nga eh, sige lang. Pero tawagan niyo sila kasi mahirap kung useless din ang move... (line cut).

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified man (believed to be Sen. Robert Barbers) on 04 12:05 hotel June '04

Garcillano: Hello.

Barbers: Padre. Ok?

Garcillano: Mag-ready ka.

Barbers: Oo, anytime naman ready ako pare, basta't sabihin mo lang na ayos na at ipadadala ko.

Garcillano: Pare, papunta akong Baguio pero kung maaari magpa-kwan ka ng, magkano ba ang iyong kaya, kahit magkano?

Barbers: Pare kung anong sabihin mo ikaw, kasi baka magbigay tayo ng maliit, mahirap na.

Garcillano: 1.5 to 2.

Barbers: O sige.

Garcillano: May tao dyan sa opisina ko, si Mrs. Peralta na siyang hahawak. Hindi naman ibibigay kung hindi maka-deliver eh. Pero babalik din ako either bukas ng hapon o tanghali.

Barbers: Kailan ko ba dadalhin?

Garcillano: Kay Mrs. Ellen Peralta.

Barbers: Ellen Peralta.

Garcillano: Oo. Siya ang executive secretary ko.

Barbers: Padadala ko anong oras?

Garcillano: Tatawagan ko na siya ngayon kasi paalis na ako eh. Ok basta ready, makwan siguro yan.

Barbers: Paano ko papadala pare? Paano ko ipapadala?

Garcillano: Pwede mo ng ipadala ngayon para habang kwan.

Barbers: Basta hanggang bandang 6 o'clock nandun kasi ....

Garcillano: O ipadala mo na.

Barbers: Ipadala ko na. Magkano? 1.5?

Garcillano: Dos na lang, 1.5, dos.

Barbers: Ikaw?

Garcillano: O, sige. Basta ganun, kung ano yung di naman magamit, di ibalik.

Barbers: O sige sige, ok ok. Peralta ha? Ellen Peralta? (line cut).

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Mel on or about 05 13:32 hotel June '04

Mel: Hello.

Garcillano: Hello Mel.

Mel: Yes, yes speaking.

Garcillano: Ano, nasan na kayo?

Mel: Sir, sir, kumakain lang sa Max's.

Garcillano: Ha, kumakain kayo sa Max's?

Mel: Sir yung anak ni Ed, papunta na sir, dala 'yung congee nyo.

Garcillano: Sino? Si?

Mel: 'Yung anak sir ni Ed na babae, tsaka 'yung manugang nya sir?

Garcillano: Akala ko bukas pa darating.

Mel: Hindi po sir, yung anak po sir ni Ed siya po ang bumili ng pagkain.

Garcillano: (Laughs) Kaya nga, bukas pa yata darating.

Mel: (Laughs) Hindi sir, andyan na sir.

Garcillano: Nagugutom na ako eh.

Mel: Andyan na sir. Andyan na sir.

Garcillano: O sige, sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and a certain Boy (believed to be either Renault "Boy" Macarambon or Renato "Boy" Magbutay) on or about 05 13:41 hotel June'04

Boy: Hello, sir. Si Rashma parang nandyan sa Manila.

Garcillano: Nasa Manila? Naku delikado. Hindi ba natin makontak?

Boy: Walang ano ... In-off ang cellphone. Pinahanap ko sa ISAFP.

Garcillano: Ah ... delikado yan.

Boy: Oo nga, sabi ko sa ISAFP doon kay Colonel Undug sa Zamboanga para may bargaining chip tayo dyan, eh damputin na natin 'yung pamilya din niya. Para di na siya makapagsalita.

Garcillano: Oo nga eh.

Boy: Kasi delikado yan eh.

Garcillano: Pero nagawa bang talaga yan?

Boy: Ha?

Garcillano: Nagtrabaho ba yan?

Boy: Nagtrabaho yan sir, pero yung trabaho, limpio ang trabaho nila. Ang problema ang Kang Patangan. Baka ang sabihin siguro niyan na binaligtad ni Kang Patangan sa itaas, sa provincial level.

(line cut)

Boy: Hello, sir.

Garcillano: Boy, maghanap ka lang ng well-meaning na kamag-anak nya. Huwag mo munang pakikidnap 'yung pamilya. Soft touch muna na puwedeng maka-persuade sa kanya o makapag ... (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and a certain Boy (believed to be either Renault "Boy" Macarambon or Renato "Boy" Magbutay) on or about 05 17:01 hotel June '04

Garcillano: Boy.

Boy: Hello sir.

Garcillano: Hello Boy, tawagan ka ni Gen. Lomibao ha. Siya ang pinadala kahapon pa diyan ni Gen. Ebdane...dahil concerned sila primero sa Languyan...Pero ok naman...

Boy: Languyan o Tuburan?

Garcillano: Languyan. Primero Languyan hapun...

Boy: Languyan? Si Adnan?

(translated from the Visayan original)

Man: Wala naman silang sinasabing ganyan.

Garcillano: Meron. Kahapon pa.

Man: Ganoon ba?

Garcillano: Oo. Nasabihan ko na niyan si Mike Abas.

Man: So, tatawag na lang siya sa akin mamaya, sir?

Garcillano: Oo, tatawag siya sa iyo. Di niya alam na nasa iisang lugar lang kami. Akala niya siguro nasa Mindanao ako. Si Gen. Lomibao ba.

Man: Lomibao? Sa PNP?

Garcillano: Oo, Chief PNP. General na siya.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on 06 09:54 June '04

Woman: Hello.

Garcillano: Hello, hindi ako pwede ngayon kasi nandito ako ngayon kasama ko misis ko.

Woman: Bukas sir?

Garcillano: Tingnan ko lang, pero bibigyan kita.

Woman: Bukas? Di ba pwede si Romy?

Garcillano: Romy?

Woman: Oo.

Garcillano: Eh, nasa Baguio.

Woman: Baguio? Sir, hingi ako ng load puwede?

Garcillano: Mamaya na kasi andito ang misis ko.

Woman: Ok, sige sige. Salamat ha.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and his wife (Grace) on 06 10:45 June '04

(translated from the Visayan original)

Grace: Asan na kayo, di? Andito na kami sa Robinson's.

Garcillano: Andito kami sa Handyman. Si Eddie, nagkita na kayo?

Grace: Oo, sumakay na kami.

Garcillano: Handyman.

Grace: Handyman? Ano, aakyat pa ba kami diyan o hindi na? Hintayin na lang ninyo kami sa Handyman.

Garcillano: O, sige, sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Atty. Asdala (believed to be Atty. Wynne Asdala) on 06 12:03 hotel June '04

Garcillano: Hello.

Atty. Asdala: Good morning Commissioner. Atty. Asdala.

Garcillano: Nasaan ka?

Atty. Asdala: Cotabato. Supposed to be mag-convene kami kahapon (garbled). Pero Commissioner, ito nga ang problema ko, yung sa kay Teng ba. Kay Teng Mangudadatu. May kwan kasi dito, may pahabol si Barbers. Ang ginawa nila, itong Talitay tsaka Columbio, gusto nilang magsubmit ng bagong COC at tsaka SOV para mahabol yung si Barbers.

Garcillano: Wala na.

Atty. Asdala: Sabi ko sa kanila hindi kako problema si Commissioner Garcillano pero nakita ko kay Borra, iba kasi si Borra, walang isip itong kwan nya, baka imbes na kwan baka ipitin pa ako.

Garcillano: Huwag na, anyway, nagtabot na, nag-usap na kami.

Atty. Asdala: Kasi kako, pag walang blessing ng commissioner.

Garcillano: Baka masira ka eh.

Atty. Asdala: Oo.

Garcillano: O wala na?

Atty. Asdala: Sige Commissioner, ganun na lang, sabihin ko na lang. Thank you, thank you.

Garcillano: Ok ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and one unidentified male (believed to be Butch Paquingan) and Supt. Ampatua (believed to be Hadja Zenaida Ampatua) on 06 18:00 hrs. June '04

Garcillano: Hello.

Man: Comm. Afternoon. Naka Manila?

Garcillano: Nasa Manila.

Man: ...resthouse sa Baguio...

Garcillano: Pangasinan?

(translated from the Visayan original)

Man: Oo. Magkasama kami ngayon ni ma'am, si Supt. Ampatua kasi hindi pa rin natuloy ang election dahil nang-harass ulit ang mga kalaban nila. Bale, failure of election tuloy. Eto si ma'am, o.

(gives phone to Supt. Ampatua)

(Ampatua and Garcillano shifts to nonVisayan)

Supt. Ampatua: Hello?

Garcillano: Hello.

Supt. Ampatua: Good afternoon. Nagkaproblema ako kasi at 4 o'clock dawn yesterday, binaril sila. Malaki, indiscriminate firing mga M79 then kinabukasan while nga yung military dalhin nila yung mga paraphernalia sa bayan, hinarang sila doon saka pinutol yung mga kahoy, hindi na maidaan. So dumating ang mga balota sa polling place mga 1:30. So wala ang mga Comelec, wala. Naiwan sila sa Pualas, eh hindi sila pinatuloy, hinarang talaga nag human barricade so ngayon may dala akong police report. It's a report stating all these things kaya gusto magpunta sa 'yo bukas. Kasi with these things happening, there's no use scheduling it again. Maybe...

Garcillano: I will not anymore.

Supt. Ampatua: I-proclaim na natin yung son-in-law ko, that's the best thing to do, he only needs 33 votes. With that 33, we will be spending millions, money of the people of the republic.

Garcillano: But how many votes is he over the opponent?

Supt. Ampatua: Oo, 205 ang lead niya. Ang boto is only 270 so minus that lead nya, the remaining is only 65. Considering na lahat mag-boto, kung mga 50 lang, 100 lang ang mag-boto, it's no more needed.

Garcillano: O sige sige. Ako na ang kwan...

Supt. Ampatua: We'll go there ha, we'll take the first flight hah. O sige ha?

Garcillano: O sige.

Supt. Ampatua: Matutuwa na kami dito, lalo na kami nina Pepito at Butch.

(gives phone to Butch)

Butch: Comm, ngayon pa lang kami dumating.

Garcillano: Sige lang, sige lang. Itutulad ko lang sa Nonong ha. I-proclaim na natin. Kung hindi nila i-proclaim, bahala na.

Butch: O, sige.

Conversation between PGMA (Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) and Garcillano (V. Garcillano) on 06 19:00 hours June '04

GMA: Hello?

Garcillano: Hello ma'am. Good evening. Tumawag po kayo.

GMA: Ah dumating...dapat i-sigurado natin consistent yung mga documents sa Maguindanao.

Garcillano: Oo ma'am. Hindi naman ho masyadong problema sa Maguindanao. Ano ho yung itinext ninyo kagabi na may mga fake precincts na ako raw ang mastermind?

GMA: Oo, oo.

Garcillano: Pero ma'am ... Ano ba naman. Hindi ko maintindihan what they are trying to drive at when 120 days before elections established na ang precincts.

GMA: Ah ok, ok. Siguro ano, mga shot in the dark lang 'yun, but I'm just letting you know everything I find out para we can always make the appropriate remedies.

Garcillano: Si Gen. Lomibao nasa Zamboanga na. I have all the people around us talk to him so that they will be able to prevent who is going to work.

GMA: Ok. Ok. Ok. Sige, thank you.

TAPE III

Conversation between Gary (V. Garcillano) and believed to be Code 1 (Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) on 07 16:10 June '04

Garcillano: Hello.

GMA: Hello, did you get my text about the Tipo-tipo?

Garcillano: Oho ma'am. Kwan ho, that's what I'm being fearful about. Kung si Rashma Hali 'yun, that's why we are asking people to look for her so that we can control her.

GMA: She's probably already being held by them.

Garcillano: Ma'am?

GMA: She's probably being held by them already.

Garcillano: She is. That's why if it is possible we will have her family to call her up from Zamboanga.

GMA: O sige. Ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and believed to be Code 1 (Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) on 07 19:17 June '04

GMA: Hello, ano nahanap na ninyo?

Garcillano: Ma'am?

GMA: Ano nahanap na ninyo iyong sa Tipo-tipo?

Garcillano: Tipo-tipo, hindi pa. Ang inaano nila ngayon kaya nga...(line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and a certain Ruben on 07 20:38 June '04

Garcillano: Hello.

Ruben: Yeah, Garci, si Ruben. Anong balita?

Garcillano: Eto, nag-aano ako kasi. 'Yung sa Tipo-tipo na tao, parang nasa kamay na nila.

Ruben: Oo nga eh.

Garcillano: Pero wala namang damage magagawa ... (garbled) ... pero kay Wahab. Kaya dapat si Wahab ang gumalaw niyan.

Ruben: Pero, magte-testify sya against the administration eh. Against the President.

Garcillano: How can she? Wala naman siyang ginawa kay Presidente.

Ruben: Eh hindi, di ba ang gagamiting magte-testify siguro 'yun against the President regarding the bawas-dagdag na ginawa dun sa ano.

Garcillano: Wala naman siyang ginawa para kay Presidente dun sa kanya ah.

Ruben: Hindi, 'yun ang pinepresenta di ba? Yan 'yung pinepresenta ni Rufus Rodriguez pati yung kay Ebron?

Garcillano: Oo nga, pero wala naman. Kay Ebron, di niya makukuha si Ebron, wala na, di niya makukuha.

Ruben: Si Ebron nga, hindi na nga dahil as of two days ago, nakausap na nga raw eh.

Garcillano: Sinong nakausap?

Ruben: Si Ebron, nakausap na ng military.

Garcillano: Sabihin mo dyan sa military na 'yan, wag silang masyadong kwan makikialam, kasi sinampal pala si Ebron eh, aking tao yan eh, taga Batangas yan eh.

Ruben: Ah ganun ba?

Garcillano: Oo, huwag namang ganun. Bago nila ginawa yun nung primero, sinampal pa siya eh, kaya mangiyak-ngiyak yung tao eh. Pero kahit pakainin mo ng bala yun, di na magpapakita. Ngayon, itong

si Rashma Hali, wala naman masasabi against kay ma'am eh, kahit anong gawin nila because she has not done anything except kay Wahab Akbar. Kaya dapat si Wahab ang mawarningan.

Ruben: Pero, ano ba pare yung pinakikitang ano ni Rufus na ano?

Garcillano: Ah, pabayaan mo siya but it does not have anything to do with the President.

Ruben: Ibig mong sabihin yung pinakikitang dinagdagan daw yung boto ni Presidente eh....

Garcillano: Hindi naman nila matetestiguhan kung hindi sa kanyang munisipyo.

Ruben: Yung Tipo-tipo di ba?

Garcillano: Oo nga, pero ang problema niyan, wala naman kay Presidente dyan.

Ruben: Hindi ba yun ang pinepresenta ni Rufus na dinagdagan?

Garcillano: Yung pinakikita ni Rufus, tingnan natin sa provincial canvass, kasi wala naman nagagawa yan dun sa kanyang munisipyo. Bahala siya, kaya nga ina-ano ko si Wahab, pina-aano ko kay Wahab ngayon, dapat si Presidente ma-kwan niya kay Wahab para si Wahab ang kumuha ng taong yan kung hindi, ipakukuha ko ang pamilya niyan.

Ruben: Uh-hum.

Garcillano: Yun na lang last resort ko, pakukuha ko ang pamilya nyan.

Ruben: Kaya nga. Ganun talaga ang dapat gawin dun.

Garcillano: Oo, pero dapat malaman ni Wahab na si Wahab, kasi ang more damage will be against that Wahab Akbar, not the President.

Ruben: Bakit, maapektuhan ba yung boto ni Wahab?

Garcillano: Siya talaga ang ano, ang malaking ano, naka-pabor.

Ruben: Uh-hm.

Garcillano: Kaya kung maaari papupuntahin ko nga rito yung supervisor, patago ko rin dito sa kin. Because, I want to clean out kung alin yung mga by municipality results.

Ruben: Hindi 'yun nga ang nagkakaproblema dahil si Wahab ang nagpatrabaho nyan eh.

Garcillano: Eh ang problema niyang si Wahab, gumalaw si Wahab nung huli na.

Ruben: Huli na nga eh. Akinse na nung gumalaw si Wahab eh.

Garcillano: Alam mo si Wahab was working for FPJ actually.

Ruben: Oo, nung una.

Garcillano: Nung nalaman niyang matatalo si FPJ, saka bumaligtad.

Ruben: Sinabi mo. Totoo talaga.

Garcillano: Yung mga tao namin diyan, eh galit na galit sa kanya eh. Kaya ito, kung anuman, basta malalaman ko hanggang umaga, ng maagang-maaga kung ano talaga ang score doon so I can tell them to get her family kung halimbawa. Sabagay medyo matindi na ito kasi nandun naman si

Lomibao, nandun din si... ewan ko kung sino pang nandun, may isang colonel na nandun. Kung kailangang kunin, di kunin na ang pamilya nya. Lokohan na rin lang eh, di kwan. Pero yang Rufus na yan, wala namang alam yan.

Ruben: Kaya nga, kaya nga.

Garcillano: Ewan ko lang kung pupunta pa uli yun, pakidnap ko siya. Nakakaano eh.

Ruben: Hindi naman pumupunta, pero ang balita ko nandirito sa Parañaque.

Garcillano: Nandito na yung ano...

Ruben: Nandito na nga raw sa Parañaque nun pang Saturday.

Garcillano: O sige. Basta we'll ask somebody to look for her and then get her family, kung pwede.

Ruben: Oo, oo. Tanong ko lang sa 'yo pare, papaano 'yung ano natin, sa party-list?

Garcillano: Hindi ko pa maa-ano kasi hanggang ngayon wala kaming usapan mga tao tungkol diyan. Tatawagan kita bukas ng tanghali kung anuman.

Ruben: O sige.

Garcillano: Ano yun? Ano yun?

Ruben: Yung TUCP at saka ANAD.

Garcillano: Ay! Wag mo nang dagdagan, mahihirapan tayo niyan.

Ruben: Hindi ba mas maganda kung yung lahat ng magkakatabi na yan eh...

Garcillano: Hindi kasi nag-proclaim na kami. Ang alam ng mga Commissioner and the other people there, mahirap nang kumuha, kung magkuha tayo, yung mga malapit na, yung hindi na mahahalata kasi...

Ruben: Tama. Pero malapit yun ha kesa sa SMILE.

Garcillano: Kaya nga, bahala na pero ang kaso, pag sabay-sabay mo niyan, sinong pagagawin mo niyan eh itong mga bata hindi na pupwedeng gumalaw eh. Titingnan ko bukas kung anuman.

Ruben: Sige, tawagan mo ako ha.

Garcillano: Oo.

Ruben: Ok, ok sige thank you.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male personality on 07 20:40 June '04

Garcillano: Hello.

Man: Hello sir, good evening ho. Sir yung tungkol doon sa party-list.

Garcillano: Anong party-list yan?

Man: Yun VFP?

Garcillano: Veterans, ano yun?

Man: Veterans' Freedom Party? Di ba meron silang nakalusot na isa roon? Baka yung isa pwede pa nating ihabol?

Garcillano: Ah, hindi pwede na, kasi pag-proclaim diyan meron na kasing number of votes na inilagay namin eh. Mahirap na. Pero nakalusot yung isa. Oo, nagproclaim na kami nung isang araw ng beinte-tres.

Man: Oho, eh mukhang meron pang isang namumurong isa, hindi ba pwede yun?

Garcillano: Mahirap kasi nung prinoclaim namin, nakalagay na dun yung number of votes sa kanila eh. Alam ko yun, nakalusot yun.

Man: Yung isa ba, malabo?

Garcillano: Hindi eh, hindi na pupwedeng ganun, kasi magkakahalata na yan. Mahirap na. Mahirap kasi, nagkaroon na ng proclamation ang isa sa kanila na nilagay doon, isa lang ang qualified sa kanila.

Man: Ah isa lang ho talaga? Hindi ba pwedeng maging dalawa dahil yung boto naman nila medyo malaki naman ata.

Garcillano: Hindi. Titingnan ko yan pero kwan eh, hindi magkakaroon ng gawa (garbled) halimbawa, may desisyon mamaya na kung may sobrang one point something, baka sakali pero titingnan natin.

Man: Boss, baka pwede nating tulungan.

Garcillano: Oo, oo, ok sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on 08 10:54 hotel June '04

(translated from the Visayan original)

Woman: Hello?

Garcillano: Hello, o....

Woman: Sir.

Garcillano: Pwede ka ngayon?

Woman: Anong oras?

Garcillano: Ikaw, ngayon?

Woman: Ngayong tanghali?

Garcillano: Hindi. Ngayon na.

Woman: Hindi, sir, kasi may practice po ako.

Garcillano: Sa?

Woman: Sa PDSP. Ngayon lang. Sandali lang naman ito.

Garcillano: Anong oras?

Woman: Mga alas dos, pwede na?

Garcillano: Ha?

Woman: Malapit lang naman.

Garcillano: Doon ka namin dadaanan?

Woman: Asan? Sa Starbucks?

Garcillano: Hindi, yung sa PNB.

Woman: PNB?

Garcillano: Ah, sa Starbucks? O, sige.

Woman: Sa Starbucks ha?

Garcillano: Two?

Woman: Oo, mga two.

Garcillano: O sige sige.

Woman: Sige, sige, sir.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on 08 11:05 hotel June '04

Man: Hello pare, andito na kami pero 11:30 pa daw magbubukas yung Japanese restaurant.

Garcillano: O sige sige.

Man: Ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male (believed to be Atty. Wynne Asdala) on 08 12:02 hotel June '04

Garcillano: Hello.

Atty. Asdala: Commissioner? Si Atty. Asdala. 'Tong grupo ni Pax kwan ba, ...sa 'kin tong papasukin tong Talitay para lang matulungan raw si Barbers. Eh kako depende sa komisyon kako .... Dapat ...

Garcillano: Useless na rin eh, papaano mo gagawin yun?

Atty. Asdala: Parang kinukwan nila ako ... anuhin ang desisyon ... mahirap parang bomba ito.

Garcillano: Tsaka useless na rin. Ano bang ibig nilang mangyari na hindi naman pwede na.

Atty. Asdala: Yung nga sabi nila mag-file raw ng petition tapos sabi sa akin, para pagkatapos daw the Commission will issue a resolution for the nullification, annulment of the proclamation....

Garcillano: No, that's already ... pag na-proclaim na, wala na eh.

Atty. Asdala: Yun nga mahirap kako riyan.

Garcillano: Hindi bahala na kayo pero hindi pwede yan, yang ginagawa nila. Useless na yan eh.

Atty. Asdala: Yun nga, tsaka tatago mo bigla ito kasi na-proclaim na pagkatapos na-canvass na itong Talitay .... (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on 08 12:07 hotel June '04

Man: Hello, pare.

Garcillano: Hello, nandito na kami, nasa Buendia. Na-traffic kasi ako sa banda roon eh. Nasaan kayo?

Man: Nandito sa Japanese restaurant.

Conversation between Gary (V. Garcillano), Grace and Rolly on 08 12:27 hotel June '04

Grace: Hello, di, nakita na mo?

Garcillano: Nandito, kausapin mo si Rolly o.

(gives phone to Rolly)

Rolly: Hello Grace.

Grace: Hello Rol, nandito kami sa Greenhills eh.

Rolly: Hindi ka na samang magdinner sa amin?

Grace: Hindi na lang kasi may mga binibili kami kami eh. Ok lang kayo dyan?

Rolly: O, ok na. Kausapin mo si Gil?

Grace: Hindi na, hindi na.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male (believed to be Sen. Robert Barbers) on 08 12:33 hotel June '04

Garcillano: Hello.

Barbers: Padre. Meron palang isang opisyal sa Mindanao na nagsasalita na dun sa Annabelle na may dayaan daw.

Garcillano: Pabayaan mo, yung isa sa Sumisip, ay, no, Tipo-tipo, isang Muslim na babae. Pero hindi naman masisira si ma'am dun. Si Wahab ang masisira. Hintayin mo na lang yung atin ha.

Barbers: Ok, ok pare. Bahala ka na. Salamat pare ha, ayos na ba? Ayos na?

Garcillano: Eh siguro. Nakaka-ano na ako eh.

Barbers: Salamat pare ha.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male (believed to be former Governor Abdusakur Tan) on 08 12:40 hotel June '04

Sakur: Hello sir, good afternoon sir, kumusta ka na? Sir, ngayon ko lang nakita yung telepono mong ito bago. Matagal na akong tumatawag hindi lang ako makatawag eh.

Garcillano: San ka ba ngayon?

Sakur: Nandito ako ngayon sa airport. Dumating ako ngayon.

Garcillano: Paano mo nakuha yung telephone ko?

Sakur: (Laughs) Alam mo yan...Yung bata mo magaling din namang nag-aantay eh. Sir, may hearing kami bukas eh.

Garcillano: Anong division?

Sakur: First division.

Garcillano: Yung sa amin di ko alam.

Sakur: Sa 'yo? Ikaw na ang bahala sir.

Garcillano: Di ba nag-issue kayo na hindi na sinunod. Na not to proclaim?

Sakur: Nagproclaim din si De Mesa?

Garcillano: Uh-hm.

Sakur: So nanalo kami, nagfile kami ng petition to annul proclamation.

Garcillano: Oo.

Sakur: Kelan ako pupunta sa inyo sir?

Garcillano: Di bukas.

Sakur: Bukas? Saan ako pupunta sir?

Garcillano: Sa susunod na lang, andyan din sila Loong bukas eh.

Sakur: So saan ako pupunta sir?

Garcillano: Huwag na sa opisina, makikita ha eh.

Sakur: Saan sir?

Garcillano: Di ko pa alam. Magtawag ka na lang muna.

Sakur: Tawag muna ako? 10 o'clock bukas sir ang hearing? Mas maaga sir?

Garcillano: Ok.

Sakur: Yes, sir. Thank you, sir.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Gene on 08 13:25 hotel June '04

Gene: Boss, nakatanggap ako ng certification ngayon dito galing sa mga bata natin sa Lanao, nag failure na naman pala dahil kay Gudani.

Garcillano: Oo nga eh.

Gene: Putang-ina, sino ba yang Gudani, bakit ganun yun?

Garcillano: Yun ang pinaalis ko.

Gene: Oo nga, ba't andudoon na naman, papaano 'to?

Garcillano: Oo nga, bumalik na naman. Kaya nga ayaw makialam si First Gentleman dyan. Sabi ko nga, pinasabihan ko nga kay Ruben Reyes na paalisin na nyo yan.

Gene: Putang-ina, tarantado talaga to.

Garcillano: Oo, pinaalis ko yan eh. Pero after three days after elections, bumalik man dyan. And nag (garbled) dyan si Col. Quirino thru Gen. Esperon at tsaka si Gen. Kyamko.

Gene: Eh ano ba gagawin ko, gagawan ko pa ba ng memo 'to o ipapareschedule, papaano, gagawa ako ng memo sa en banc?

Garcillano: Ipa-reschedule natin.

Gene: Gagawa ako ng ano ha.

Garcillano: Oo para sa commission en banc.

Gene: Ano nangyari sa inyo? O sige, nasa meeting ka yata eh. Ok, sige ok.

Garcillano: Mamayang hapon nandiyan ako.

Gene: O yung best friend mo bumabanat na naman, putang-ina talaga itong si Pimentel.

Garcillano: Bakit, bakit?

Gene: Hindi ka ba nanonood ng TV?

Garcillano: Hindi ako nanonood.

Gene: Putang-ina binabakbakan si Betty Pizaña.

Garcillano: Oo nga eh, anak ng jueteng naman, wala namang kakwenta-kwenta yan.

Gene: Sinasabi na nga na clerical error, putang-ina talagang matanda ito.

Garcillano: 116 votes lang. Ibigay mo na sa kanya. (Laughs)

Gene: (Laughs) Ok pare sige, sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on 08 13:54 hotel June '04

Garcillano: Hello, nasan ka? (conversation in Visayan dialect followed)

Woman: Sa Quiapo na...

Garcillano: Alam mo na ba ang cellphone ni Romy?

Woman: Wala, i-text na lang.

Garcillano: Di ko alam din eh. Teka, ibibigay ko na sa kanya.

Woman: O sige, sige. Bye.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Grace on 08 13:55 hotel June '04

(translated from the Visayan original)

Grace: Hello.

Garcillano: Hello, mi, nasaan ka?

Grace: Andito kami sa Greenhills. We will go home soon. Bakit?

Garcillano: Sige, sige lang. Andito pa kasi ako sa Greenhills. Okay lang kung mamimili pa kayo.

Grace: Huwag kang uminom.

Garcillano: Ay hindi naman.

Grace: Tanghali kasi. Katulad kahapon uminom kayo ng tanghali, hindi maganda.

Garcillano: O, sige lang. Ok.

Grace: Nasaan ka?

Garcillano: Andito pa kami ni Lyn.

Grace: Sa office o sa (garbled)?

Garcillano: Oo.

Grace: Balik ka sa office uy.

Garcillano: Mamaya na.

Grace: Kumusta ang inyong pag-uusap?

Garcillano: Ok. May mga kinakausap pa kaming mga election officer.

Grace: Ok lang ba?

Garcillano: Ok, ok. Sige. Bye.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on 08 14:11 hotel June '04

Man: Hello sir, good afternoon.

Garcillano: Good afternoon. Paki-kwan nga cellphone ni Romy Andales.

Man: Tawagan siya sir?

Garcillano: Di, ibigay mo lang cellphone number niya.

Man: Hello, sir? 09195094792.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on 08 14:13 hotel June '04

Man: Hello.

Garcillano: Hello, nasaan ka na?

Man: Dito pa rin sir sa Pedro Gil.

Garcillano: O sige wala pa man, di pa man tumatawag. Basta sabihin mo lang mayroon akong pinakukuha sa 'yo kasi may kukunin ako dyan sa bag para kausapin ko yung kamo ng Sultan Kudarat.

Man: Opo.

Garcillano: Ok sige.

Conversation between Gary and unidentified female on 08 14:31 hotel June '04

(translated from the Visayan original)

Woman: Hello.

Garcillano: Hello, nasaan ka na?

Woman: (garbled) taxi papunta Starbucks, di ba, sa Bayview?

Garcillano: Asan ka ba talaga ngayon?

Woman: Paalis na ako ngayon.

Garcillano: Kelan ka pa aalis?

Woman: Pasakay na ako ng taxi. Andito na ako sa Quiapo.

Garcillano: Kanina ka pang Quiapo.

Woman: Eh kasi galing pa ako nga sa practice namin.

Garcillano: O sige, sige. Dalian mo at delayed na ako.

Woman: O sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Mike (believed to be First Gentleman Mike Arroyo) on 08 14:33 hotel June '04

Garcillano: Hello, Mike.

Mike: Hello boss, boss. Tulungan mo sana na yung loyal sa atin, si Bobby.

Garcillano: Bobby?

Mike: Barbers, oo.

Garcillano: Papano pag kayo-kayo dyan?

Mike: Nag-file ng parang annulment or something. Tingnan mo kung matutulungan mo.

Garcillano: O sige basta kwan talaga namang ating inaano si Bobby eh. Siya naman talaga ang atin eh.

Mike: Oo, siya talaga atin. Tulungan mo sana.

Garcillano: Ok. Sige.

Mike: Thank you.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Carlos on 08 14:34 hotel June '04

Carlos: Hello.

Garcillano: Carlos, saan ka na?

Carlos: Pabalik na po ako, dito na ako sa may malapit sa DPWH.

Garcillano: Medyo mag standby ka na dyan sa Bayview. Sa Starbucks mo makukuha siya.Tawag-tawagin mo siya.

Carlos: Opo sir.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on 08 14:38 hotel June '04

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Nagkita na kayo?

Woman: Wala. Malapit na ako. Sinabihan ko na siya. Pinapunta ko na diyan.

Garcillano: Andiyan si Romy?

Woman: Wala pa siya. Tatawag lang daw.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on 08 14:44 hotel June '04

(translated from the Ilocano original)

Garcillano: Hello.

Man: Gil, pwede tayo magkape?

Garcillano: Anong oras?

Man: Ikaw. Andito pa lang ako sa Caloocan. San malapit sa'yo na di masyado...

Garcillano: Anong oras?

Man: Ikaw...

Garcillano: Mga 5?

Man: Basta kung anong oras na libre ka.

Garcillano: 5 na.

Man: San?

Garcillano: Hyatt.

Man: Hyatt sa Roxas Blvd.? Maraming kaibigan dun, maraming taga-Mindanao dun.

Garcillano: Oo. Marami dun.

Man: Andun sila Jamil eh.

Garcillano: Ganun? Di ko naman sila nakita dun.

Man: Kasi katatapos ang election, umuwi sila. Dun sila nakatira kasi dun sila naglalaro ng sugal. Pwede sa Manila hotel? Mas malapit sa'yo?

Garcillano: Oo. Alas singko?

Man: Alas singko.

Garcillano: Ok, ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Carlos on 08 14:55 hotel June '04

Garcillano: Hello, asan ka na?

Carlos: Andito lang sir sa Army Navy. Hinihintay ko. Hindi pa raw siya dumating sa Starbucks. Malapit na raw siya.

Garcillano: Ay sus, kanina pa. O sige, sige, ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on 08 14:56 hotel June '04

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Boulevard na. Anong boulevard?

Woman: Dito sa Roxas Blvd. Nag-text na ako. Andun na si kuya.

Garcillano: Sus. Alam mo namang hindi pwdeng maatraso sa oras.

Woman: Oo nga sir. Sorry sir kasi galing pa ako sa practice. Nagmamadali nga ako. O sige, sir ha.

Garcillano: Sige. Dalian mo.

Woman: Sige dito na ako. Sige bye.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on 08 15:05 hotel June '04

Woman: Grabe galing pa ako ng Pasig.

Garcillano: Akala ko kanina sabi nasa Quiapo ka na?

Woman: Hindi nga, papunta na ako diyan, naglalakad ako galing sa papuntang ano na...

Garcillano: Naglakad ka lang?

Woman: Oo! Ang sakit pa naman ng ulo ko.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male (believed to be Atty. Wynne Asdala) on 08 15:33 hotel June '04

Garcillano: Hello.

Atty. Asdala: Comm., tinawagan ako ni Chair dahil napanood yata si Comm. Rex tungkol ba kay Barbers. Di ba may annulment kasi fi-nile si Barbers. Tapos, di binabasa ko kasi ngayon tong petisyon niya, ang sinasabi niya ang canvass votes sa South Upi, Maguindanao, 7,000 votes, sa Talitay, 6,000 votes, sa Columbio, 4,000. Di ba mga tapos na ito?

Garcillano: Hindi yata nakasama.

Atty. Asdala: Ah, patay kang bata ka. Hindi talaga napasama?

Garcillano: Oo.

Atty. Asdala: Eh papano to? Eh di talagang yari tayo rito.

Garcillano: Eh siguro.

Atty. Asdala: Naku po. Patay tayo. Akala ko tapos na to. Di ba South Upi ito yung may double proclamation? Pati yung Talitay?

Garcillano: Sa Talitay meron pa.

Atty. Asdala: 6,000 daw eh, ayan o, nakalagay sa ano nya eh. Sabihin ko na lang kay bossing na talagang hindi nakasama?

Garcillano: Uh-hm.

Atty. Asdala: Sige boss, ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Samuel (or Sakur, believed to be former Governor Abdusakur Tan) on 08 15:56 hotel June '04

Garcillano: Hello.

Sakur: Hello sir, anong oras sir ako pupunta? Sa 'yo. San tayo magkikita sir?

Garcillano: Eh meron akong kausap sa Manila Hotel, ngayong alas-singko.

Sakur: San tayo magkita?

Garcillano: Kung gusto ka sa coffee shop lang.

Sakur: Doon? Hindi pwede sa ibang hotel?

Garcillano: Hindi na.

Sakur: Ok lang dun? Anong oras ako pupunta?

Garcillano: Alas singko ako eh.

Sakur: Alas singko. Ok lang pumasok ako roon?

Garcillano: Oo. Kilala mo siguro, Judge Bello.

Sakur: Ah, judge. So, ok lang makipag-usap ako sa 'yo sandali ha. Pupuntahan ko alas-singko. Sige sir.

Garcillano: Ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Abdullah (believed to be Rep. Abdullah Dimaporo) on 08 17:28 hotel June '04

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Hello.

Abdullah Dimaporo: Commissioner, si Abdullah ni. Pwede ba tayo mag-breakfast sa Makati Shangrila, pwede?

Garcillano: Malayo pa ako. Dito na lang sa may Roxas.

Abdullah Dimaporo: Sa may Hyatt?

Garcillano: Pwede. Anong oras?

Abdullah Dimaporo: Ikaw ...

Garcillano: Mga 7?

Abdullah Dimaporo: Sige ok. I'll be there.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and GMA (Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) on 08 17:51 hotel June '04

Garcillano: Hello.

GMA: Hello, Garci? Anong gagawin natin dun sa NAMFREL presscon, yung NAMFREL Lanao del Sur.

Garcillano: Ah, inaano ko. Meron na ho akong kopya ng ifinax ni Nobong, yung kay Dalidig. But that is not true because I have already here my staff whom I assigned Lanao Sur. Pagkatapos ho si Rey Sumalipao the supervisor is coming and then we will also try to make him say something after this.

GMA: Uhm-um.

Garcillano: Pagsasalitahin ko sila ho without letting people know that I am the one who will address it ho. Ganun lang po, sige po ma'am.

GMA: Ok, ok.

Conversation between Grace and Lyn on 08 17:55 hotel June '04

Grace: Hello Lyn.

Lyn: Ma'am.

Grace: Ano niluto mo?

Lyn: Ulam...

Grace:...(line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male (believed to be Tony Gatuslao or Winston Garcia) on 08 20:45 hotel June '04

Garcillano: Si ano?

Man: Cebu? Yung sa governor?

Garcillano: Ewan ko kung kailan aarya.

Man: Pare kung anong konsiderasyon pare ha, pa-declare mo si Garcia ha, tinanggal siya eh.

Garcillano: Oo syempre, pinag-usapan natin yun eh.

Man: Basta't may sinabi naman nya kung ano raw ang konting pang for the boys ha, basta.

Garcillano: O sige lang, ok lang oo.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Abdullah (believed to be Rep. Abdullah Dimaporo) on 09 06:39 hotel June '04

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Hello.

Abdullah Dimaporo: Commissioner, si Abdullah ni. Pwede ba tayo mag-breakfast sa Makati Shangrila, pwede?

Garcillano: Malayo pa ako. Dito na lang sa may Roxas.

Abdullah Dimaporo: Sa may Hyatt?

Garcillano: Pwede. Anong oras?

Abdullah Dimaporo: Ikaw ...

Garcillano: Mga 7?

Abdullah Dimaporo: Sige ok. I'll be there.

Continuation of the conversation on 06:39 hotel June'04

Garcillano: Hello, nandito na ko.

Abdullah: Dito sa 9th floor, sa room 923. When you get out of the elevator turn left.

Garcillano: Oo, oo.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on about 09 13:55 hotel June '04

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Hello.

Woman: Hello, Gil? Good afternoon, 'dong. May balita ako sa iyo.

Garcillano: Aha.

Woman: Ang hearing, ngayong 15? May na-time up pala sila ni Comm. pa ...nga. 16 daw hearing, ngayong 15.

Garcillano: Anong division yan?

Woman: Ha?

Garcillano: Anong division daw?

Woman: 2nd division.

Garcillano: Sa kabila yan. Sige lang, tingnan ko. Sa kabila kasi yan.

Woman: Sa Muslim yata.

Garcillano: Oo nga. Oo nga.

Woman: Dong, please help us.

Garcillano: Oo.

Woman: Kung ano man ang magagawa mo, dong.

Garcillano: Oo. Basta makipag-usap ako sa kanila.

Woman: Pupunta naman diyan si kumpare.

Garcillano: Sige lang. Ok lang.

Woman: Si pare Sammy (?).

Garcillano: Sige lang. Ang kakausapin ko ang member ng 2nd division. Tingnan ko na lang sa hearing nila. Sige lang.

Woman: Please dong.

Garcillano: O sige.

Woman: Utang na loob namin sa 'yo. Bye. More power to you.

Garcillano: Thank you.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Teng (belived to be Israel "Teng" Kamid) on or about 09 17:00 hotel June '04

Garcillano: Hello.

Teng: Hello good afternoon bay, si Teng po ito. Ituloy na natin yun sir?

Garcillano: Oo, sige.

Teng: Ituloy natin lahat-lahat?

Garcillano: Oo.

Teng: Lilinisin ko lahat?

Garcillano: Oo. Kelangan linisin yun lahat. Kasi minsan bahala na kung anong mangyari. Kasi parallel move to eh. Dito sa Commission, we try to find out kung makakalusot, di ready na tayo lahat.

Teng: Oo sir. Ang problema ko dun sa ER, na-submit na yan sa statistic record.

Garcillano: We will not resort to that.

Teng: Ah, di na pala.

Garcillano: Ipakukuha natin.

Teng: Ah ganun, o sige sir, magprepare na lang ako ng ER?

Garcillano: O sige.

Teng: Salamat po.

Garcillano: Ok, sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Lyn on or about 09 17:30 hotel June '04

Lyn: Hello.

Garcillano: Hello Lyn, paki-check nga dun sa cabinet ko yung pinaglagyan mo ng kwarta kung nandun yung aking susi. Tapos itawag mo sa kin ha?

Lyn: Oo sir.

Garcillano: Sige thank you.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Senator (Robert) Barbers on or about 09 21:26 hotel June '04

Garcillano: Hello.

Barbers: Hello Commissioner good evening. Si Pinong, nagsara na kami ng usapan ni (garbled) ... talagang tutulong. Ok na siya. Ngayon, sabi niya kaninang hapon nag-usap kami sabi niya kausapin mo si Commissioner Garcillano. 'Kako hindi ko nga kilala pero meron akong kamag-anak na kaibigan nya. 'Yun ang sabi ko, hindi ko sinabing magkakilala tayo. So ngayong gabi nagtawagan kami. Kako nakausap ko na tutulong daw siya.... (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Congressman Espina (believed to be former Rep. Gerardo Espina Sr.) on 09 13:30 hotel June '04

Garcillano: Hello.

Woman: Hello good afternoon, si Commissioner?

Garcillano: Oo.

Woman: Sir, pwede kayong kausapin ni Cong. Espina? Gerry Espina.

Garcillano: Ok, sige.

Cong. Espina: Commissioner.

Garcillano: Chief. Kalimutan mo na? Ako yung tao ni Chairman Perez.

Cong. Espina: Alam ko, alam ko. (Laughs)

Garcillano: Kaya tinitingnan kita kahapon sa session eh.

Cong. Espina: Ah nandoon ka ba kahapon?

Garcillano: Wala, sa TV lang.

Cong. Espina: Ah sa TV. Tumawag ako dahil yung aking isang tao yung sa mayor mukhang kinawawa naman eh.

Garcillano: Yung Mayor? Vice-Mayor?

Cong. Espina: Si Fumar. Sa Culaba.

Garcillano: Oo, nasa akin yung papel niya pero hindi yata sa akin naka-assign.

Cong. Espina: Kanino kaya? Sa first division eh.

Garcillano: Oo nga, sa aming tatlo nila Javier, Borra. Pero titingnan ko.

Cong. Espina: Tingnan mo nga, mahirap kasi alam mo nung araw, pinatakbo kong vice-mayor yan. He was just not even the municipal agriculturist pero palibhasa'y mabait.

Garcillano: Ako naman ang nag-remind sa kanila na kilala kita eh. Sinabi ko. Sige lang, I will see nga.

Cong. Espina: Dahil yung kwento niya, mukhang kinawawa eh.

Garcillano: O sige lang. Basta magkikita tayo para ano. Sige, ayusin ko yan kung ano.

Cong. Espina: O sige, tawagan tayo.

Garcillano: O sige Congressman.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and PGMA (Pres. Gloria Macapagal-Arroyo) on 10 June '04 13:40

Garcillano: Hello.

GMA: Hello, Garci?

Garcillano: Ma'am.

GMA: Ano, nag-usap na kayo ni Abalos?

Garcillano: Oo ma'am. Mamamasyal muna daw ho ako sa Mindanao. Kaya nga ho kung ano man ho ang mga problema, tawagan lang ho ninyo ako.

GMA: May problema sa South Upi. Pero lokal. Kasi iba-iba raw ang prinoclaim ng Comelec doon.

Garcillano: Sino ba ang atin dun?

GMA: Ay naku, ang importante, na hindi madamay yung sa taas.

Garcillano: Hindi ho. Ako ho ang may hawak nun.

GMA: Kasi ang issue doon, sabi ng (garbled) Dadalhin daw sa Manila yung recount pero sabi naman ni Echeverri dapat doon na lang sa munisipyo.

Garcillano: Dun na lang ho.

GMA: Oo.

Garcillano: Ok na ho yun. Ako ho ang may hawak nyan.

GMA: O sige. So hindi maaapektuhan sa taas ha. Kasi sabi nga nila eh kung maging explosive baka si Fernando Poe gumagapang na naman daw doon eh.

Garcillano: Ah hindi ho, nasa akin ho yan.

GMA: Ok, ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and a certain GTR (believed to be Jimmy Paz) on 11 13:04 June '04

Garcillano: Hello.

Jimmy: Comm. si Jimmy. Hinanap mo ko?

Garcillano: Akala ko kasi ... yung kaso sa Cotabato.

Jimmy: Yung kagabi? Yung itinawag mo sa akin kahapon? Ibibigay ko kay Tuason, di ba sabi mo? Ngayon na, padadala ko na ngayon?

Garcillano: Wala namang magagawa diyan, hindi ako makakapirma.

Jimmy: Comm., Comm., choppy ka eh, di kita maintindihan.

Garcillano: Hindi ako makakapirma eh.

Jimmy: Oho. Bale nasa en banc pa lang ngayon. Ano ba to? En banc ba to?

Garcillano: M.R. I think that is an en banc.

Jimmy: Oo nga, tapos en banc na siya ngayon, sabi mo i-raffle ko kay Tuason?

Garcillano: Oo.

Jimmy: O sige, ngayon na, ipapadala ko na?

Garcillano: Sige.

Jimmy: Tapos Comm...(line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Teng (believed to Rep. Suharto "Teng" Mangudadatu) on 20 12:08 hotel June '04

Garcillano: Hello.

Teng: Hello, sir good morning.

Garcillano: Good morning.

Teng: Si Teng po ito, sir. 'Tay, yung kay, si Asdala hindi pa daw siya maguwi ng Cotabato?

Garcillano: Hindi pa. Bakit?

Teng: Hindi tayo ma-delay nyan, 'tay?

Garcillano: Yung sa?

Teng: Yung sa atin, yung kay Barbers?

Garcillano: Ah, hindi siguro, pero ok naman yan kasi kwan. Pero titingnan natin kung ano ang maku-kwan natin para ... Pero titingnan ko rin kung kelan sya babalik dyan.

Teng: May pag-asa pa ba yun, 'tay? Yung kay kwan kay Sema?

Garcillano: Yung kay Sema ang ina-ano nila eh. Nag-usap sila kahapon. Kausapin ko rin.

Teng: I see.

Garcillano: Malalaman mo bukas o mamayang gabi.

Teng: Mamayang gabi para makwan natin. Baka malagay sa alanganin ba.

Garcillano: O sige.

Teng: Salamat, 'tay.

Garcillano: Ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Tony on 12 10:03 hotel June 2004

Tony: Hello.

Garcillano: Hello Tony, si Commisioner Gil Garcillano.

Tony: Oo, Garci.

Garcillano: Yung sinasabi na ako daw nga nagsabi dun na 330 million ... 33 million ang na-spend ni Presidente. Interview lang sa akin kahapon. Yung sabi ko that the President should file a separate statement of expenses because there is a treasurer.

Tony: Ok, ok.

Garcillano: Ngayon, bakit naman sinasabi na ako ang nagsabi that she spent the most amount.

Tony: No, no, no. The problem is like this ano, Gar. Ah according to news reports ... (line cut).

TAPE IV

Continuation of conversation between Gary (V. Garcillano) and Tony on 12 10:03 hotel June '04

Garcillano: Hello. Ah tawagan kita kasi ako nga ang na-quote dun sa newspaper issue about nung filing ni Presidente.

Tony: Eh siyempre, kasi ikaw ang commissioner eh.

Garcillano: Oo nga, pero hindi ko man sinasabi yung mga amount, ganun, pero sabi sa akin ni Tony Vilar, dati naman daw na sya ang nagfa-file for the party at tsaka ang kandidato.

Tony: Ganun. Hindi eh. Hindi lang siguro napansin yun.

Garcillano: Hindi eh. Pero ikaw din ang nag-receive eh. Inano nya yung finile nung 1998, 1992, ikaw din daw nagrereceive eh.

Tony: Hindi, meron kaming ano.. pero hindi eh. Nung 1992 klarong-klaro, na yung kwan kasi.

Garcillano: 98 binasa niya sa kin.

Tony: Hindi lang siguro na-ano yan. Kasi di ba nung 1998, wala ng nagintindi kasi landslide si kwan, Joseph. Walang maysadong nag-ano nun. Pero yung kay Joe de Venecia, siya mismo. Yung kay Ramos, siya din. Kina Salonga...

Garcillano: Pero meron siyang ifinile, binasa sakin eh.

Tony: Alam mo kasi yung fi-nile nila, para sa party. Hindi candidates of the party. Yung ginastos ng party sa mga kandidato nila eh. So hindi lang naman ang nagastos ni Presidente, yung ginastos ng party eh. Ang magiging number 1 na issue dyan yung assumption ng office niya eh. Maliwanag naman sa law eh. Every candidate or treasurer of the political party, and then requirement sa law, the political party...candidate and every candidate shall file an itemized statement of contribution and expenditures. Requirement yun sa law at may provision doon na you cannot assume the responsibility of the office unless you file a statement of contribution and expenditures. So baka magiging issue pa yan kung nila na yung finile ng K4 eh kwan.

Garcillano: Yun nga eh, nandyan na, nalaman na ng iba, baka sabihin e i-dedemand na mag-file sya, eh, baka kelangan... Si Manolo at si Dante hindi naman daw nag-prepare nyan eh. Di ba si Manolo nag-file sayo?

Tony: Oo, Si Manolo at si Dante, sila ang nag-file.

Garcillano: Silang dalawa? Eh paki-kwan na lang sa kanila, i-explain mo sa kanila kasi baka ma-issue na naman yan eh.

Tony: Sigurado eh. Eh ang ano naman eh, kasi kung ano mangyari nyan eh...

Garcillano: Oo, that's kwan, si Vilar.

Tony: Kasi hindi maging issue yung pag-assume. Kasi she cannot, ah, any winning candidate cannot assume office without filing the necessary statement.

Garcillano: Yun na nga, sabihin mo kina Manolo. At saka si Dante. Kasi ini-insist ni Vilar na ganun din daw ang finile nung 1998.

Tony: Pero sabihin mo, kaya namin sinasabi ito eh, problema ninyo ito. Mamaya eh naging ano yan eh issue yan eh.

Garcillano: Kaya eh, ikaw kasi ang nagreceive kay Dante at kay Gorospe, eh tawagan mo sila.

Tony: As far as they are concerned kasi, hindi compliance yun. Kami ang tatanungin.

Garcillano: Ako rin, ako rin I am with you. Ang problema nyan, we are claiming na, Vilar is claiming that they have been doing that...

Tony: Pero kung sakali hindi napansin yun nung nakaraan, this time mahirap yan kasi she is a winning candidate eh. Magiging issue yan eh. Ang dapat sabihin mo sa kanila, alam mo wag kayong gumawa ng istorya, kayo ang kawawa dyan eh, hindi kami.

Garcillano: Oo nga, pero dapat sabihin mo na sa kanila kasi... eh baka sinasabi ko sa 'yo, ikaw din daw nag-receive nung...

Tony: Alam mo kasi receiving lang yan eh. We do not...

Garcillano: ...later on any move that call their attention at the time.

Tony: Oo, wala pa noon eh. Hindi inaano yan eh. Ngayon baka mamaya matawag ng pansin kasi nalaman ng iba, di ba?

Garcillano: Ako, nakasabi rin ako dun pagtawag mo, sinabihan ko si ma'am. Aywan ko kung ano, kung anong gagawin nila.

Tony: Oo, sige.

Garcillano: Pero kwan mo si Dante at tsaka si Gorospe.

Tony: Hindi compliance yun eh.

Garcillano: Kaya nga, pakisabi na sa kanila. Para hindi ka ma-ano. Ako ang kino-quote na ako nagsabi dun sa amount. Pero sa pagsabi ko na separate sana kay presidente, nagsabi talaga ako dun. Pero yung sa interview mo, bakit ako ang inaano nitong si kwan?

Tony: Dinagdag nila siguro.

Garcillano: Villanueva...Eh ikaw na-interview di ba?

Tony: Oo, yung tungkol dun sa ten pesos.

Garcillano: Ten pesos per candidate?

Tony: Eh siya presidente.

Garcillano: Ah, per voter?

Tony: Eh di sa party five pesos.

Garcillano: So, ok lang din naman yung amount no?

Tony: Uh-hm, uh-hm.

Garcillano: O sige na, pakitawag na din sila Gorospe at si kwan, si Dante....

Tony: Ok.

Conversation...

Garcillano: Hello.

Tony: Hello, ang tinawagan ko na lang si Mrs. Pineda. Eh mas mabuti pa ito nakakaintindi eh. Alam yung ano eh. Ang sabi niya,oo kelangan talagang may individual yung kwan.

Garcillano: Oo nga eh. Ini-insist nila yung ginagawa nila nung araw.

Tony: Ngayon sabi niya, pinaliwanag ko, sabi niya oo naiintindihan ko yun, sabi nya tatawagan ko ngayon.

Garcillano: Sana sinabi mo na tinawagan ko rin si ma'am. Pero sinabi ni ma'am kahapon ok eh.

Tony: Di eh kasi baka mamaya maging issue pa eh.

Garcillano: Oo nga wag na nating intayin na darating sa ganyan.

Tony: Oo nga eh. Kasi itong mga taong yan masyadong pabaya.

Garcillano: Kung ano-ano kasing pinagsasabi eh. Na ikaw din daw ang tumatanggap noon, ganun.

Tony: Naku iba noon kung ano kasi, hindi noon napansin siguro.

Garcillano: At tsaka hindi yun, hindi naman siya kandidatong Presidente noon.

Tony: Nung 1998 na kumandidato siyang Vice president, maganda yung fi-nile nya. Sabi nga ni Atty. De Mesa sa ginaya na lang niya yung finile nya nung vice-presidential candidate siya.

Garcillano: Ah nag-file siya ng separate nun?

Tony: Oo.

Garcillano: Eh bakit sinasabi nitong si Vilar ngayon na...

Tony: Ang pumirma pa nga si Mike Arroyo.

Garcillano: Ang akala niya siguro ang nire-represent nya, pinapalabas niya yung fi-nile niya for the president before.

Tony: Hindi, for the party yun eh. Iba yung sa party, iba yung sa president eh. Si De Venecia nagfile din ng sarili eh.

Garcillano: Ewan ko si Vilar yan.

Tony: O sige, ganoon na lang.

Garcillano: Ok, sige, oo.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and wife Grace on 12 10:55 hotel June 2004

(translated from the Visayan original)

Grace: Hello

Garcillano: Asan ka?

Grace: Andito na ako sa 2nd floor sa mga display ng mga damit. Titingin-tingin ako. Saan kang floor?

Garcillano: 2nd

Grace: Saan ka banda? Pupunta ka ba dito sa itaas?

Garcillano: Andito na ako sa taas.

Grace: Bandang elevator?

Garcillano: Nasaan ka malapit?

Grace: Sa may sulok, sa bandang cashier 26.

(line cut)

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Hello.

Grace: Hello, di. Andito na kami sa Starbucks. Nasaan na kayo?

Garcillano: Mauna na kayo. Susunod na ako.

Grace: Lalabas na ba kami?

Garcillano: Sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male (believed to be First Gentleman Mike Arroyo) on 14 07:45 hotel June '04

Garcillano: Hello.

Man: Padre. Kelan mag-ano yung sa party-list?

Garcillano: Ina-ano ko pa, wala pang kahit isa after the 23 na napo-proclaim. Ang mauna siguro itong ALIF (?). Pero gusto ko masabay-sabay. Kung may tatlo, apat, sabay-sabay na yan.

Man: Oo dapat ganun.

Garcillano: Sige lang. Pipilitin ko Padre.

Man: O, sige, sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on or about 14 08:51 hotel June '04

Garcillano: Hello.

Man: Hello, good morning. Nandito ako sa Malaybalay. Sabi nung kabila kung kailangan daw dagdagan, dagdagan pa. Di ba ang usapan natin di ba kulang pa ng six, six hundred.

Garcillano: 6 or 8?

Man: Hindi yung ibibigay ko sa 'yo. Atin lang yun, kulang pa ako ng 600?

Garcillano: Hindi sakin yan, sa mga bata.

Man: Oo alam ko. Tulungan mo na lang, meron akong inaano dyan eh.

Garcillano: O sige lang. Aanuhin ko yan.

Man: Kung maari daw before the 30 kasi sila magfacilitate sa pagdating ni Gloria sa Cebu, sa ano.

Garcillano: Ah hindi wala na, wag na nating istoryahan tana.

Man: Ah ok.

Garcillano: Tingnan ko lang kung ano. Basta inaano ko nga sa kanila, kung hindi, di ibalik yan.

Man: Oo, ikaw nang bahala dyan.

Garcillano: Eh kung hindi nila magawa nila eh di paano.

Man: Pwede akong pumunta bukas.

Garcillano: Hindi kausapin ko muna si boss.

Man: Tawagan mo ako ha kung pupunta ako dyan.Ok, sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on 14 10:17 hotel June 2004

Garcillano: Hello.

Man: Hello 'tol, nasan ka 'tol.

Garcillano: Nandito tumatakbo, nasan ka na ba?

Man: Nasa Malacañang lang ako 'tol, may dinaanan lang akong papel, pero lalabas na ako.

Garcillano: Sige lang, pupunta na muna kami sa Gotesco pero baka pupunta kami mamaya sa kwan, dun sa Jade Garden.

Man: O sige 'tol, tawag lang ako mamaya. Sige 'tol.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Senator (Robert) Barbers on 14 10:32 hotel June 2004

Barbers: Commissioner, good morning.

Garcillano: Good morning.

Barbers: Tumawag sa akin si Congressman Salceda kagabi. Panalo tayo sa Ligao na mga one two. Lamang tayo ng mga one two.

Garcillano: One two?

Barbers: Oo, kaya maganda na.

Garcillano: Oo, ang problema nyan hindi ako makapag-participate ngayon kasi because of the...

Barbers: Di bale, di bale, basta ikaw ang tumutulong sa akin wala akong problema.

Garcillano: O sige lang basta kayang tulungan Senador.

Barbers: Sinabi naman ano eh, nag-usap kami ni Mike. Tinawagan nya ako kanina 8:30. Sinabi ko, sabi nya, "Sina Garci ba tumutulong ng husto?" Oo kako, sobrang tulong kako sa kin kako ni Garci. Sabi nya, "Sabihin mo sa kanilang dalawa ni Noli? wag mag-alala, kami ang bahala pagkatapos ng proclamation." Tinawagan ako, tinatanong ako tungkol sa Ligao.

Garcillano: Ligao, Albay?

Barbers: Oo, kaya sabi tumawag si Congressman Salceda, ang ginawa ko roon ginamit ko si congressman, si governor-elect at tsaka yung mayor. Kaya malinis tayo roon, wala tayong problema. Basta wag mo ko, kahit na hindi ka pa nareappoint wag mo akong pabayaan.

Garcillano: Ah, oo.

Barbers: Kailangan kita dyan.

Garcillano: O, sige. Sa inyo lang ako. (garbled)

Barbers: Kumusta, tumawag na ba sayo si Harry?

Garcillano: Oo, ano bang magagawa ba niya? Ano bang gagawin niya?

Barbers: Ok yun, ok kausap yun eh. Tsaka pag nagsalita yun totoo. Hindi yun...i-set ko bukas ng gabi, darating yun bukas ng tanghali eh.

Garcillano: Titingnan ko lang Senador kung kwan, kasi inaayos ko muna itong mga records ko kasi ipapasa ko na sa en banc.

Barbers: Ah, oo, di bale sabihin ko na lang pagkatapos ano. Sabihin ko na lang sa kanya? Kasi masigasig sya eh. Sabi nya, "Alam mo, kilala mo naman ako, pag nag-commit ako, ginagawa ko."

Garcillano: Sige lang. Ok lang, senador.

Barbers: Sabihin ko na lang tapusin mo muna yung mga ginagawa mo. Basta ako wag mong pababayaan Commissioner ha?

Garcillano: Ok, walang problema yan.

Barbers: Ikaw lang ang aking maaasahan (garbled)

Garcillano: Ok, walang problema yan.

Barbers: O sige, thank you, thank you.

Garcillano: Ok.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on 14 18:35 hotel June '04

(translated from the Visayan original)

Woman: Hello, good evening, Tito.

Garcillano: O.

Woman: 'To, magtatanong lang ako kasi nag-usap kami ni Louie. Wala daw si Tuason. Pero pinrepare na nila ang documents para sa (garbled) Si Tuason na lang daw ang kulang para maipalabas ang TRO.

Garcillano: Paano mo nalaman?

Woman: Kwento ni Louie. Sabi ni Louie, prepared na nila. Si Tuason na lang daw...

Garcillano: Sino ang nag-prepare?

Woman: Ngayon lang ako nagsimula, sabi ni Louie 'To.

Garcillano: Maniwala ka naman, nag-usap na kami ni Atty. Paz. Sino ang nag-prepare, e wala namang magpe-prepare kundi sya.

Woman: A, ok. Si Atty. Paz ba ang magpe-prepare noon?

Garcillano: Si Tuason.

Woman: Maski yung legal ni kwan?

Garcillano: How irresponsible can they get! Paano nya malalaman? Sabihan mong tumawag sa akin.

Woman: And then 'To, paano naman si Asdala, 'To, para di ma-convene.

Garcillano: Andyan naman. Paanong di ma-convene? Pabayaan mo lang.

Woman: Pabayaan lang mag-convene?

Garcillano: Ako pa ba ang mamomroblema nyan? Di ba nag-usap naman kayo? Nag-usap naman sila. Wag mo nang ibigay sa akin yan. Sila na ang mag-kwan nyan.

Woman: Oo.

Conversation between Gary (V. Garcillano), wife (Grace) and a certain Kasim Mangundatu on 15 16:33 hotel June '04

Garcillano: Hello.

Grace: Hello di, si Kasim Mangundatu, wala nang problema ...kausapin mo?

(gives phone to Kasim)

Kasim: Hello sir, good afternoon, sir, ang ano ko lang, pumunta ako dito kay madam kasi sa nangyari sa amin sa Lanao. May narinig namin na may pinadala kayo sa amin, tapos I do my best.

Garcillano: Ha? Anong pinadala?

Kasim: Mailinis yung sa akin.

Garcillano: Teka, ano pinadala? (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on 16 11:40 hotel June '04

Garcillano: Hello,nasaan ka?

(Following translated from the Visayan original)

Man: Nasa city Comelec sir.

Garcillano: Pakitanong na lang kay...(garbled)...yung tungkol sa amin.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Len (believed to be Ellen Peralta) on 16 15:21 hotel June '04

E. Peralta: Hello, sir.

Garcillano: Hello Len, may telepono ka ni Congressman Nantes?

E. Peralta: Hanapin ko lang.

Garcillano: Pagkatapos sabihin mo sa kanya na nandito na ko sa Manila Hotel. Ang usap namin ngayon eh. Pagkatapos i-remind mo si Rolly dun sa kwan natin ha. (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and John on 16 12:00 hotel June '04

Garcillano: Hello, John.

John: Sir, yung pong kay Mayor Tito Osang, fi-nax ko na po kay Ate Baby, tinawagan ko po. Pinaliwanag ko na sa kanya ito previously nung February, yung request niya na hinarap ni Secretary Albas hanggang Nov 29, pero nagkaroon ng subsequent order na cut short to June 30. Nakiki-usap kako yun. Siya na raw ang bahala, sir.

Garcillano: Nasan ka?

John: Nandito po sa office sir.

Garcillano: Nandito ko sa labas. Pumunta ako dun sandali kanina.

John: Oo nga daw sabi ni Ate Kay, sinundan nyo daw nung dumating ako dun.

Garcillano: Hindi tayo kasali pa roon eh. O sige, magtawagan tayo mamaya.

John: Sabi ko nga kay Ate Baby, the moment na ma-proclaim na eh ma-appoint agad kayo, wala daw problema. At tsaka nakausap ko rin si Presidente, sinabi ko. Yun nga lang daw eh she is barred by the constitution dahil baka maano na kwan midnight appointment eh.

Garcillano: Oo, yun ang prohibition.

John: Eh ngayon after na maproclaim eh irere-appoint kayong dalawa. Sinabi ko eh, pinakiusap ko eh. Sabi naman eh wala namang problema ika yun, sabi ni Presidente.

Garcillano: Sige, thank you.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on 16 12:57 hotel June 2004

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Hello.

Woman: Hello, 'To. Good afternoon, 'To. Magko-convene naman daw sila Asdala 'To. Di ba pwedeng magawan ng paraan yan?

Garcillano: Ano namang paraan?

Woman: Amin naman yung inaano...Yun lang sanang order. (line cut)

Woman: Hello, 'To, andun na daw kay Borra. Pero yung pirma ng isang commissioner dyan sa Comelec, kasi nag-hearing pa. Ipadala na lang. Patawagan na lang daw.

Garcillano: Oo nga, kasi andoon sa Cotabato.

Woman: Oo nga, two o'clock na hindi tayo doon.

Garcillano: Ganito, patatawagan ko si Teng Mangudadatu. Tapos tawagan ko mamaya. Tawagan ang Sultan Kudarat, ipatawag sa akin si Teng para ma-orderan ko si Asdala.

Woman: Oo.

Garcillano: Kailangan matawagan ko ngayon galing sa Sultan Kudarat para malaman ko ang moves nila.

Woman: Si Asdala, kontak muna tito.

Garcillano: Wala akong kwan...di kwan, di tawagan siya.

Woman: Patawagin sa'yo?

Garcillano: O, sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on 16 14:15 hotel June 2004

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Hello.

Man: Hello, sir. Good afternoon. Tumawag na sir?

Garcillano: Patawagan ko sana si Jun, hindi naman sumasagot, ewan.

Man: O sige sir.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on 16 14:18 hotel June 2004

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Hello

Woman: Hello, tito. Si Asdala ba...ko kasi maski si Atty. Paz, gustong makipag-usap sa kanya...(line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and wife (Grace) on 16 14:19 hotel June 2004

(translated from the Visayan original)

Garcillano: Hello.

Grace: Hello, di, si Paz di mo pa natanong? Parang me...

Garcillano: Patatawagan ko nga.

Grace: O sige, sige.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on 16 14:21 hotel June 2004

Man: Hello, kol.

Garcillano: Hello, nasan ka?

Man: Nasa Harrison, kol.

Garcillano: Si George?

Man: Nasa ano, kol, may hearing yata kol (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and an unidentified man on 16 14:29 hotel June 2004

(translated from the Visayan original)

Man: Hello sir.

Garcillano: Hello, nakatawag si...(garbled)...tinawagan ko pero di naman sumasagot.

Man: Ah, may bagong number, sir. Ibibigay ko sa 'yo. I-dial mo lang ng diretso. Tatawag ako sa' yo.

Garcillano: Doon na lang sa puti.

Man: Io-off ko muna sir. Kasi di ko naman makita.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on 16 15:18 hotel June 2004

Garcillano: Hello.

Man: Hello boss (garbled) daming mga tao ha.

Garcillano: Nakatawag na sayo si Lumipat (?)

Man: Oo nga, hindi nakatawag.

Garcillano: Tumawag daw sa'yo.

Man: Tinawagan ka nya (garbled)

Garcillano: Talagang wala na, wala ka nang magagawa dyan?

Man: Wala na (garbled)

Garcillano: Mahirap na talaga.

Man: Mahirap talaga boss.

Garcillano: Ah eh, kung mahirap na, sige lang.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on 16 16:15 hotel June 2004

(translated from the Visayan original)

Woman: Hello, Tito, isa na lang panggulo, Tito. Yun bang on the basis of disqualification, Tito, pwede pa man sya kasi wala pa naman sa Comelec, Tito. Kung ma-approve ang disqualification, di ba sya makakaupo nyan?

Garcillano: Hindi, kung disqualified. Kung ma-actionan. Sino ang kausap mo tungkol dyan?

Woman: Si Martinez.

Garcillano: O, si Martinez. Bakit ako ang tinatanong mo? Kung ano man ang nasa isip nila, mag-file sila, kasi ang tagal na nyang disqualification wala pa rin.

Woman: Nagtatanong lang ako kung meron bang weight ang kanilang...(garbled)... Kasi kung magre-report ako kay Bai Sandra, palagi nyang sinasabi na itanong mo muna kay Tito kung tama ba yang ginagawa ng abogado natin.

Garcillano: Kung ma-disqualify sya based on our decision before she will actually assume office, ok lang. But after June 30, when she should have assumed, wala na, that is already for the electoral tribunal.

Woman: So yan na lang ang banatan mo ngayon, Tito, ang disqualification before June 30.

Garcillano: Oo. You have to go on with their disqualification. Pero mahirap pa rin yan. Medyo kwestyonable na kasi wala namang nangyayari imbes ni-restrain ka na.

Woman: O sige. Thank you.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified female on 16 16:27 hotel June 2004

(translated from the Visayan original)

Woman: Hello, 'To. Wala kang chance makausap si Tuason?

Garcillano: Tuason? Bakit, kung kakausapin ko?

Woman: Regarding sa disqualification, kasi sabi ni Atty. George, nakausap naman daw nya ang Legal. Kaso lang naghihintay ng order ang legal ni Tuason na mag-go-signal ang boss. Kung may go-signal ang boss...gumawa na sila...in favor for us.

Garcillano: Malaking kwento yan. Sila kasi. I don't think they have that kind of...Magtawag na lang si Atty. Dalaig.

Woman: Iyong taong pinag-uusapan, walang ibang pinaniniwalaan ang ginoo, Tito.

Garcillano: Hindi sila lumapit.

... (line cut**)**

Woman: Lumapit naman sila pero...(garbled)...Di maniniwala dyan ang ibang commissioners.

Garcillano: Hindi talaga sila nag-attempt. Wala silang ginawang move kahit konti.

Woman: Bakit naman?

Garcillano: Bakit ngayon lang sila nagsabi (garbled)

Woman: Wala silang nag-attempt.

Garcillano: Paano kung lapitan ngayon si Dalaig, may magagawa ba?

Woman: Baka. Kung ang investigation nga lumabas na favorable, makakatulong sa disqualification.

Garcillano: Aysus, naman. Di sila lumapit, not even a formal, urgent request, wala. For an opinion or recommendation en banc.

Conversation between Gary (V. Garcillano) and wife (Grace) on 16 16:49 hotel June 2004

(translated from the Visayan original)

Grace: Hello, di, andito na kami sa ibaba.

Garcillano: Oo, nakikita namin kayo.

Conversation between two unidentified male on 16 19:25 hotel June '04

Man 1: Hello, kumusta? Naproclaim na sa Cotabs, sa Maguindanao si Dilangalen.

Man 2: May problema tayo dito.

Man 1: Ano ba?

Man 2: Parang may magra-rally.

Man 1: Dyan sa sa kwan? Sino?

Man 2: Hindi ko nga alam eh. Ngayon ko lang nalaman. Tungkol dun sa hindi pagbigay ng one month (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and Boy on or about 18 06:08 hotel June 2004

Boy: Hello, sir.

Garcillano: Hello Boy, mag text ka kay Presidente ha. Ganito, kagabi may nagpadala ng message na niya (line cut)

Conversation between Gary (V. Garcillano) and unidentified male on or about 18 08:07 hotel June '04

Man: Hello.

Garcillano: Eto na, 0917-8547146. Ok mag-kwan ka text. Please assure her that we will never forsake her...(Following translated from the Visayan original) Wag mo na lang baguhin yung pinag-usapan na kung hindi ako, merong 25...(garbled)...advisers na star witnesses. Ayusin mo lang ang pakikipag-usap. I'm the one who's giving you all the instructions (line cut)

— END —